Midori Childraising Support Center  
Chuo Childraising Support Center  
Minami Childraising Support Center  
Para sa may markang (\*) : Children & Family Division

Tel: 042-775-8829 (Direkta)  
Tel: 042-769-8222 (Direkta)  
Tel: 042-701-7710 (Direkta)  
Tel: 042-769-8345 (Direkta)



Website

## Biglaang pagkakasakit

Natural lamang na mag-alala ang magulang sa biglaang pagkakasakit ng bata. Alamin kung saan maaaring kumunsulta sa oras na malito sa pagdesisyon sa pagamutang dapat puntahan para sa pagsusuri.

### ● Kanagawa Pediatric Emergency Dial

Kapag sumama ang pakiramdam ng bata sa gabi at hindi malaman kung ano ang dapat gawin, maaaring tumulong ang full-time counselors (nurse, at iba pa) sa pamamagitan ng konsultasyon sa telepono. (Hindi isinasagawa ang pagsusuri o paggamot sa pamamagitan ng telepono)

**Kanagawa Pediatric Emergency Dial Tel: 045-722-8000 (#8000)**

Oras ng konsultasyon: araw-araw, mula 6:00 PM hanggang 8:00 AM ng susunod na araw

**Para sa mga katanungan:** Medical Division, Public Health & Medical Department, Kanagawa Prefecture Tel: 045-210-4874 (Direkta)

### ● Emergency homepage para sa mga kabataan (Japan Pediatric Society)

Ipinagkakalooob ang suporta para sa sanggol na nasa 1 buwan hanggang sa batang nasa 6 taóng-gulang. Mula sa sintomas ay maaaring alamin kung ano ang dapat gawin at matantiya ang kinakailangang pagsusuri o medical checkup.

<http://kodomo-qq.jp/>



Website

## Kung nais magpatingin sa isang pagamutan

### ● Biglaang pagkakasakit sa gabi o sa panahong walang pasok (pagpapagamot)

Una sa lahat, tawagan ang sariling doktor. Kapag hindi makontak o wala sa klinika ang doktor, ihanda ang memo at tawagan ang Sagamihara Emergency Medical Information Center.

Sa pook na ito, irerekomenda ang pagamutanang maaaring tumingin sa bata. Hindi isinasagawa dito ang medical consultation at pagbigay ng dental assistance.

Sagamihara Emergency Medical Information Center Tel: 042-756-9000

#### Oras ng paggamit

Lunes hanggang Biyernes	Mula 5:00 PM hanggang 9:00 AM ng susunod na araw
Sabado	Mula 1:00 PM hanggang 9:00 AM ng susunod na araw
Sa panahong walang pasok (Linggo, piesta opisyal, mula Disyembre 29 hanggang Enero 3)	Mula 9:00 AM hanggang 9:00 AM ng susunod na araw

### ● Biglaang pagsakit ng ngipin sa Golden Week holiday, katapusan ng taon at umpsisa ng bagong taon (dentista)

Bukas ang emergency dental clinic sa Sagamihara Oral Health Center sa Golden Week holiday, katapusan ng taon at umpsisa ng bagong taon.

Araw ng pagbukas: Golden Week holiday (Mayo 2 – Mayo 5), katapusan ng taon at umpsisa ng bagong taon (Disyembre 29 – Enero 4)

Oras ng pagtanggap: 8:45 AM hanggang 11:30 AM, 1:15 PM hanggang 4:30 PM

Pook: Sagamihara Oral Health Center (2-F, B-Hall, Wellness Sagamihara 6-1-1 Fujimi, Chuo-ku)

Tel: 042-756-1501 (siguruhing tumawag muna sa telepono)

\* Kailangang dalhin ang sariling Health Insurance Card, Medical Card ng pagamutan at iba pa. (kapag walang Health Insurance Card, kailangang bayaran mismo ang halaga ng pagpapasuri o pagpapagamot).

\* Ang pagpapagamot sa isang emergency medical institution ay pansamantalang pagpapagamot o first aid lamang sa oras ng emerhensiya. Kung kaya, kailangang magpatingin uli pagkatapos sa sariling doktor o kalapit na pagamuntan at iba pa.



Dapat magkaroon  
ng sariling doktor.



Kailan lang ay masayang naglalaro ang bata...

Karaniwang nag-uumpisa ang sakit ng bata kapag, "biglang nagkaroon ng mataas na lagnat", "biglang nagsuka" at ibang sintomas. Sa ganitong sitwasyon, mas madali at ligtas kung may sariling doktor na nakagawiang puntahan para sa pagpapasuri. Sa kaso ng pagkakasakit ng bata, hindi lamang isang punto ng pagkakasakit kundi pati ang naging proseso o development ng sakit ang maaaring tingnan, na mahalaga upang gawin ang ganap na pagsusuri.

Sa pagpapatingin sa nakagawieng doktor na may impormasyon ukol sa ginawang pagbakuna, pagsusuri sa kalusugan at lagay ng paglaki ng bata, mas madaling nasusuri ang kalagayan ng bata sa oras ng pagkakasakit.

# Protektahan natin ang sanggol laban sa SIDS (Sudden Infant Death Syndrome)!!

## Tungkol sa SIDS:

Ito ay isang pangyayari o karamdaman na hindi sanhi ng anumang aksidente o pagkasakal, kung saan ang isang sanggol na hanggang kailanlang ay malusog, ay biglang namatay habang natutolog. Bagama't hindi maipaliwanag ng husto ang sanhi ng ganitong pagkamatay, nagpag-alamang maaaring mabawasan ang mga kasong ito sa pagsunod sa sumusunod na tatlong bagay o mga hakbang.




1. Patulugin ang bata nang paharap (face-up sleeping position).
2. Hangga't maaari ay pasusuhin ang sanggol ng gatas ng ina.
3. Itigil ang paninigarilyo.



### Itigil ang paninigarilyo

- ★ Tumataas ang panganib na makunan, magkaroon ng premature birth, placenta previa, placental abruption, at perinatal death.
- ★ Tumataas ang posibilidad ng magkaroon ng mababang timbang ang sanggol sa pagsilang (low birth weight), pati pagkakaroon ng congenital abnormality.

### Antas ng panganib kapag nasa "1" ang inang hindi naninigarilyo



Bukod pa rito, kahit hindi naninigarilyo ang ina, kapag ang ama o iba pang taong nasa paligid ay naninigarilyo, na kung tawagin ay "passive smoking", maaaring malanghap ng ina ang maraming masasamang bagay o harmful substances na dala ng mapanganib na "secondhand smoke".

Mapanganib din na bumalik sa paninigarilyo ang ina pagkatapos mangnak.

- ★ Tumataas ang panganib na magkaroon ang sanggol ng bronchial asthma, pneumonia, otitis media, at Sudden Infant Death Syndrome (SIDS) mula sa paglanghap ng "secondhand smoke".
- ★ Kapag nahalo ang nicotine sa gatas ng ina, maaaring sumama ang pakiramdam ng sanggol, at maging sanhi din ng pagsusuka at pagtatae.
- ★ May mga aksidentel nangyayari dahil sa hindi sinasadyang paglunok ng sanggol sa sigarilyo, kung saan nagkakaroon ng sintomas ng pagkalason.

### TIGILAN ang passive smoking

Naglalaman din ng mga bagay na masama sa katawan ang ibinubugang hinga pagkatapos manigarilyo. Inaabit ng hanggang 45 minutos para maibalik ang dating estado.



## Rekomendasyon sa outpatient service para sa pagtigil ng paninigarilyo

Maaaring tumigil ng paninigarilyo habang tumatanggap ng suporta at pagpapayo na nababagay sa sarili mula sa doktor.

Dahil maaaring gamitin ang health insurance kapag natupad ang ilang kondisyon, hinihikayat ang mga ina at ama na nais tumigil sa paninigarilyo na gamitin ang pagkakataong ito para magpatingin.

Sa ilalim ng “Paninigarilyo at kalusugan” sa website ng siyudad, ipinamamahagi din ang impormasyon ukol sa epekto ng paninigarilyo sa kalusugan ng tao, kaya pakigamit ito bilang reperensiya.



Website

Sang-ayon sa mga pagbabagong ginawa sa Child Welfare Act, na naging epektibo noong Abril 1, 2020, ipinagbabawal na sa batas ang pisikal na pagparusa sa pagpapalaki ng bata.

Kapag ang bata ay hindi sumusunod sa pag-aasal na inaasahan, pinaparusahan ba ninyo ito kapag kayo ay naiinis at iniisip na “ginagawa ko lang para madisiplina ang bata kaya wala akong magagawa”?

Kahit na magbago ang pag-aasal ng bata dahil sa pisikal na pagparusang dinaranas, ito ay resulta lamang ng takot nito sa pagpalao o pananakit, at hindi dahil sa sariling desisyon na magbago nang kusa.

Ito ay hindi nakatulong sa paglaki ng bata, at maaaring magdulot ng negatibong epekto sa pag-unlad ng pisikal, mental at iba pang bahagi ng paglaki o child development.

Ang pagsisikap sa pagpapalaki ng bata ay isang napakahirap na gawain. Hindi dapat sarilinin o harapin nang mag-isa ang mga problema kaugnay sa pagpapalaki ng bata. Huwag mag-atubiling kumunsulta sa tanggapan ng Childcare Support Center sa sariling distrito o ward para sa anumang pag-aalala o suliraning dinaranas. (tingnan ang pahina 74 bilang reperensiya)

- Ang pagbawal sa pisikal na pagparusa sa pamamagitan ng pagbabago sa batas ay bahagi ng mga pagsisikap na isinasagawa upang turuan ang buong lipunan, pati ang mga magulang na nagpapalaki ng bata, na magkaroon ng pagbatid o “awareness” sa pagpapalaki na hindi gumagamit ng pisikal na pagparusa.



Website

### Para sa pagpapalaki ng bata na hindi gumagamit ng pisikal na pagpasura at iba pa



## Nagsusuka

- 1  Lupaypay, walang malay (kahit kurutin ay hindi tumitinag)
  - Paulit-ulit ang pagsusuka
  - May kahalong dugo, kulay berdeng likido (apdo) sa bagay na isinuka
  - Ang bagay na isinuka ay parang latak ng natirang kape
- 2  May matinding pananakit ng ulo, sakit ng tiyan
  - Nagsuka matapos maumpog nang malakas ang ulo
  - Ayaw lumabas ang ihi nang higit sa kalahating araw
  - Nanunuyo ang mga labi, pati loob ng bibig
  - Parang inaantok na mukhang blangko ang mukha
  - May kahalong dugo sa tae
- 3  Hindi gaanong madalas ang pagsusuka, at may tubig o hydration naman sa katawan
  - Lumalabas ang ihi



## Nagtatae o may diarrhea

- 2  Walang sigla, at lupaypay
  - Ilang beses binigyan ng tubig, pero halos hindi umiinom
  - Ayaw lumabas ang ihi nang higit sa kalahating araw
  - Nanunuyo ang mga labi, pati loob ng bibig
  - May kahalong dugo sa buong tae
  - Paulit-ulit na nagsusuka
- 3  Bagama't maraming beses na nagtatae, may may tubig o hydration naman sa katawan
  - Bagama't maraming beses na nagtatae, maayos naman ang disposisyon o mood (halimbawa: nagagawang tumawa, nakakapaglaro, nakakatulog, at iba pa)



## Nagkakaroon ng kombulsiyon (spasm), pangginginig

- 1  5 minutos at higit pa ang patuloy na kombulsiyon
  - Bagama't tumigil na ang kombulsiyon, kahit tawagin ay ayaw manumbalik ang malay-tao
  - Paulit-ulit na nagkakaroon ng kombulsiyon
  - Kulay bluish purple ang mga labi at ayaw bumalik sa dating kulay
- 2  Ang edad sa buwan ay wala pang anim na buwan mula nang isilang
  - Ang temperatura ng katawan ay 38 degrees at pababa
  - Nagkaroon ng kombulsiyon sa kauna-unahang pagkakataon mula noong isilang
  - Ang kombulsiyon ay magkaiba sa kanan at kaliwang bahagi ng katawan
  - Naumpog nang malakas ang ulo kamakailan lang
  - Nagsuka nang paulit-ulit pagkatapos ng kombulsiyon



## Patuloy ang pag-ubo, umaagahas ang paghinga

- 1**  Naging kulay bluish purple ang kulay ng mukha at mga labi
- 2**
  - Tulad ng nasa ibaba, tila nahihirapan sa paghinga at pag-ubo
    - Umaagahas, sumisipol ang paghinga
    - Pag-ubo na tila nabubulunan
    - Pag-ubo na tulad ng hiyaw ng sea lion
  - Biglang inaatake nang matindi at tuloy-tuloy na pag-ubo na tila nabubulunan, pagkatapos ilagay sa bibig ang mga bagay tulad ng mani, matamis, laruan at iba pa.
  - Paputol-putol ang pananalita, at hindi magawang makipag-usap
  - Nahihirapang maglakad, kinakapos ng hininga at humihingal sa mga balikat na parang katatapos lang tumakbo
  - Mabilis ang paghinga (higit sa 50 beses bawat minuto)
  - Nahihirapang huminga, humpak ang ibaba ng lalamunan, pagitan ng tadyang, sa itaas at ibaba
- 3**
  - May kaunting pag-ubo, pero hindi naman nahihirapan sa paghinga
  - Maayos naman ang disposisyon o mood, bagama't paminsan-minan ay inuubo na tila nabubulunan o tulad ng hiyaw ng sea lion  
(halimbawa: nagagawang tumawa, nakakapaglaro, nakakatulog, at iba pa)



## Higit sa 38 degrees ang lagnat

- 1**  Lupaypay, walang malay (kahit kurutin ay hindi tumitinag) dahil sa taas ng lagnat
- 2**
  - Ang edad sa buwan ay wala pang tatlong buwan mula nang isilang
  - May sumpong o wala sa mood
  - Masama ang kulay ng mukha, blangko ang anyo at wala ng sigla
  - Ilang beses binigyan ng tubig, pero halos hindi umiinom
  - Ayaw lumabas ang ihi nang higit sa kalahating araw
  - Paulit-ulit ang pagsusuka
  - Paulit-ulit ang pagtatae o diarrhea
  - Tila nahihirapan sa paghinga (halimbawa: hungkag ang dibdib, nangangatal sa may butas ng ilong, at iba pa)
- 3**
  - Nakakainom ng tubig o fluids sa ikatlong buwan mula sa pagsilang
  - Nagsuka nang 1 – 2 beses, pero tumigil pagkatapos nito
  - Maayos naman ang disposisyon o mood (halimbawa: nagagawang tumawa, nakakapaglaro, nakakatulog, at iba pa)



- 1** Kung nasasakop sa 1 → **Maaaring magpatingin sa gabi (ambulansiya)**
- 2** Kung nasasakop sa 2 → **Maaaring magpatingin sa gabi (sariling kotse, taxi)**
- 3** Kung nasasakop sa 3 → **Huwag magmadali, kumunsulta sa sariling doktor sa loob ng itinakdang oras ng kunsultasyon**



Magpatingin agad kapag nagkaroon ng malaking pagbabago sa mga sintomas

Pagkasakal /  
Aksidenteng paglunok

## Ang sigarilyo ay sanhi ng karamihan sa aksidenteng paglunok!

- Ang nicotine ay madaling makapasok sa katawan ng tao sa oras na matunaw sa tubig, at kahit kaunting dami lamang ay mapanganib dahil nagiging sanhi ng mga toxic symptoms tulad ng pagsusuka, kombulsyon, kahirapan sa paghinga at iba pa. Huwag ilagay ang sigarilyo at ashtrays sa lugar na maaaring abutin ng bata.
- Mag-ingat sa mga pagkaing madaling bumara sa lalamunan tulad ng mani, cherry tomato, mochi (Japanese rice cake), Konyaku Jelly at iba pa!
- Piliin ang futon na medyo matigas. Iwasang maglagay ng tuwalya at iba pang bagay na maaaring humarang sa bibig ng sanggol. Mag-ingat din sa mga supot at mga tali o pis!
- Sa pagdighay ng sanggol pagkatapos pasusuhin, patulugin ito ng patagilid.



Kapag nakakapasok ang laking ito, may panganib na magkaroon ng aksidenteng paglunok.  
Ilagay ito sa isang lugar na hindi maaaring abutin ng bata.

Nakakatakot talaga ang sigarilyo!

May panganib din na magkaroon ng Bronchial Asthma, Otitis Media (middle ear infection), mga problema sa paglaki at iba pa. Para sa mga naninigarilyo sa loob ng pamilya, maaaring gawing dahilan ang pagpapalaki ng bata upang itigil ang paninigarilyo.

Para sa mga katanungan ukol sa matinding pagkalason  
sanhi ng aksidenteng paglunok ng mga bagay o sangkap na kemikal (na nasa sigarilyo, mga gamit sa tahanan at iba pa), gamot at agrochemicals

**Japan Poison Information Center**  
**(Dial 110 para sa pagkalason)**

- Bukas 24 oras, araw-araw (Osaka) ..... 072-727-2499
- Bukas araw-araw mula 9:00 hanggang 21:00 (Tsukuba) ..... 029-852-9999
- Hotline para sa aksidenteng paglunok ng sigarilyo  
(\*impormasyon sa pamamagitan ng automatic voice response) ..... 072-726-9922

Pagkabuwal/  
pagkahulog

## Huwag maglagay ng mga patungan o stool sa balkonahe o sa may bintana na maaaring gamitin sa pag-akyat!!

- Siguruhing itaas ang bakod o pensa ng sanggol. Huwag patulugin ang sanggol sa sofa!
- Maglagay ng bakod sa itaas at ibaba ng hagdan.

Mga aksidente sa tubig

## Mapanganib ang paliguan!

- Kahit sa palangganang may tubig ay maaaring malunod ang bata. Iwasan ang pag-iwan ng mainit na tubig sa bathtub.
- Gumawa ng paraan upang hindi makapasok sa banyo ang bata, tulad ng paglagay ng susi o kandado sa pintuan at iba pa. Huwag iwanan ang bata sa loob ng bathtub para maglarong mag-isa.

Kapag napaso o  
nakuryente

## Manipis ang balat ng bata!

### Mag-ingat din sa pagkapaso sa mababang temperatura.

- Huwag uminom ng mainit na inumin habang yakap o hawak ang sanggol.
- Ilagay o iligpit ang rice cooker, plantsa, termos at iba pa sa lugar na hindi maaaring abutin.
- Huwag patulugin ang bata sa ibabaw ng electric carpet o sa tabi ng heater air outlet.
- Lagyan ng electric shock preventive cap ang outlet ng kuryente.

Aksidente sa sasakyahan  
at iba pa

## Sa ilalim ng batas ay kailangang maglagay ng child seat.

- Sa ilalim ng batas ay kailangang maglagay ng child seat para sa batang wala pang 6 taong-gulang.
- Ang pag-iwan ng bata sa loob ng sasakyahan ay maaaring mauwi sa hindi inaabahang aksidente at may panganib din na magkaroon ng dehydration at heat stroke.

Tungkol sa Allergy

## Kumunsulta agad sa isang espesyalista ng allergy kapag ang sintomas sa balat ng bata ay hindi bumubuti o gumagaling.

- May impormasyon nakalagay sa website ng Japanese Society of Allergology ukol sa espesyalista ng allergy, Q & A (katanungan at kasagutan).
- Gamitin ang code sa kanan para tingnan ang website.



Website

## Masyado ba kayong abala sa paggamit ng smartphone?

Dahil sa sobrang pagkaabala sa SNS at online games, ang bata ay maaaring malagay sa panganib at sa hindi inaabahang aksidente, tulad ng pagkahulog, pagkapaso at iba pa. Iwasan ang paggamit nito nang matagal, at gawin ang mga hakbang upang mapigilan ang mga aksidenteng maaaring mangyari sa bata.



## Kapag napuproblema sa pag-iyak ng sanggol

Ang "pag-iyak" ay trabaho ng isang sanggol. Sinasabing 1/3 ng oras na gising ang isang sanggol na kapapanganak lang ay umiiyak ito. Lalung-lalo na sa kasu ng mga nag-aalaga ng sanggol sa kauna-unahang pagkakataon, hindi malaman ng magulang kung ano ang gagawin sa oras na umiyak ito. **Dapat tandaan na hindi kasalanan ng ina at ama kung ayaw nitong tumigil sa pag-iyak.** Kailangang isipin na ito'y isang proseso sa paglaki ng bata at sa tulong ng mga nasa paligid ay malalampasan din paglipas ng panahon.

### ● "Matindi at patuloy na pag-iyak (Colic)", "Pag-iyak sa gabi"

May kasu ng 1 hanggang 2 oras na patuloy at matinding pag-iyak ng sanggol. Ito ay tinatawag na "Colic", kung saan hindi alam ang sanhi ng pag-iyak. Ito ay umaapekto sa mga sanggol sa buong mundo at humuhupa pagkalipas ng ikatlo hanggang sa ikaapat na buwan.

Bukod pa rito, may kasu ng "pag-iyak sa gabi" ng mga sanggol na nasa ikaanim ng buwan at pataas.

### ● Kung ayaw tumigil sa pag-iyak ang sanggol

- ① Una sa lahat, kumpirmahan kung ano ang kailangan ng sanggol.  
(painumin ng gatas, palitan ang diapers, yakapin, at iba pa)
- ② Ipaalaala ang panahong nasa sinapupunan pa ang sanggol. (ibalot sa kumot o baby blanket, at iba pa)
- ③ Ipakinig ang ingay na gawa ng pagkuskos o paggusot sa plastic.

Epektibo din na isama ito sa driving at iba pa.

\*Magpatingin sa pagamutan kung nag-aalala dahil mataas ang lagnat ng bata.



### ● Kapag nainis sa pag-iyak ng sanggol:

Sa panahong ito ...

Kahit anuman ang mangyari ay iwasan ang  
pag-uga o pagyanig sa sanggol !!

Mapanganib ito dahil kapag inuga o niyanig ang sanggol, maaaring mauwi ito sa "Shaken Baby Syndrome (SBS)", at magdulot ng shock sa utak, mag-iwan ng malubhang pinsala o kapansanan at maaari din na ikamatay.

Una sa lahat, sikaping huminga ng malalim.

Kailangang humanap ng paraan para gumaan ang loob o maging mahinahon ang ina at ama, tulad ng paghingi ng tulong sa iba, pagtawag sa telepono o di kaya'y ilapag ng paharap ang sanggol para patulugin ito at iwanan sa isang ligtas na lugar.

May kasu din na kung saan napapagod ito at tumitigil ng kusa sa pag-iyak.

### Pag-apruba o pagkilala sa suporta

Para sa mga magulang na nais gumamit sa nursery schools, Nintei Kodomoen, benefit-type Kindergarten, small-scale o maliliit na childcare programs at iba pa, ang benepisyo para sa edukasyon at pagpapalaki ng bata ay kailangang maaprubahan sa pamamagitan ng sumusunod na batayan o criteria.

Kategorya ng pag-apruba	Kondisyon ng pag-apruba	Pook na kung saan gagamitin
Type-1 Certification (Karaniwang oras ng edukasyon)	Sa edad ng 3 taon-gulang at pataas, kung nais tumanggap ng edukasyon sa Kindergarten, Nintei Kodomoen.	Benefit-type Kindergarten (pahina 49) Nintei Kodomoen (pahina 37)
Type-2 Certification (Maikling oras ng childcare o karaniwang oras ng childcare)	Sa edad ng 3 taon-gulang at pataas, kung saan pumapailalim ang trabaho ng magulang sa "Dahilan kung bakit kailangang pumasok sa Nursery", at kapag nais tumanggap ng edukasyon at childcare sa Nursery School.	Nursery (pahina 32) Nintei Kodomoen (pahina 37)
Type-3 Certification (Maikling oras ng childcare o karaniwang oras ng childcare)	Kapag wala pang 3 taong-gulang, kung saan pumapailalim ang trabaho ng magulang sa "Dahilan kung bakit kailangang pumasok sa Nursery", at kapag nais tumanggap ng childcare sa Nursery School.	Nursery (pahina 32) Nintei Kodomoen (pahina 37) Maliliit na Nursery o childcare facility

\* Maaaring kumpirmahan sa website ng siyudad ang detalye ukol sa "Dahilan sa pangangailangan ng childcare".

\* Kung nais gamitin ang isang kindergarten na hindi benefit-type, kailangang tanggapin ang "Childcare Facility Use Subsidy Certification" sa pahina 31, at hindi ang Children's Education / Childcare Subsidy Certification. Pakitingnan ang "Listahan ng Kindergarten" sa pahina 49 para alamin ang mga uri ng kindergarten.

\* Kapag gagamit ng extended childcare dahil sa pagtrabaho ng mga magulang, sa pagtanggap ng type-1 certification, at paggamit ng Benefit-type Kindergarten o Nintei Kodomoen, maaaring tanggapin ang mga benepisyong kaugnay sa extended childcare sa pamamagitan ng pagkuha ng bagong Childcare Facility Use Subsidy Certification type-2 at type-3 certification (pakitingnan "Childcare Facility Use Subsidy Certification" sa pahina 31).

\* Nasasakop sa small-scale childcare services ang maliliit na nurseries (pahina 42), Pantahanang (homely) childcare (pahina 44), at mga nurseries sa loob ng mga kalakal o kompanya (pahina 44).

#### Para sa mga katanungan:

Ukol sa Type-1 Certification: Nursery Division Tel: 042-769-8341 (Direkta)

Ukol sa Type-2, type-3 Certification: Tingan ang "Reception Counter / Contact" sa pahina 30.

## ● Pamamaraan sa pag-apply para sa paggamit ng serbisyo

Depende sa "kategorya ng pag-apruba" ng Children's Education / Childcare Subsidy, magkaiba ang pamamaraan sa pagsagawa ng aplikasyon sa paggamit ng serbisyo para sa nursery, Nintei Kodomoen, benefit-type Kindergarten, maliliit na childcare programs at iba pa.

Pasilidad na nais gamitin	Kategorya ng pag-apruba	Paraan ng pagsagawa ng aplikasyon
Nursery o childcare facility	Type-2, type-3 Certification	Pag-apply sa munisipyo
Nintei Kodomoen	Type-1 Certification	Pag-apply sa napiling pasilidad
	Type-2, type-3 Certification	Pag-apply sa munisipyo
Maliliit na childcare programs at iba pa	Type-2, type-3 Certification	Pag-apply sa munisipyo
Benefit-type Kindergarten	Type-1 Certification	Pag-apply sa napiling pasilidad

\*Para sa kategorya ng pag-apruba, tingnan ang impormasyon ukol sa pag-apruba ng Children's Education / Childcare Subsidy sa pahina 29.

Ukol sa paggawa ng aplikasyon sa paggamit ng Certification 2 at 3, bilang patakaran ay kailangang ipadala ang aplikasyon sa pamamagitan ng koreo.

Pook kung saan dapat isumite ang aplikasyon:

2-11-15 Chuo, Chuo-ku, Sagamihara-shi Postal Code: 252-5277

Sagamihara City Hall Nursery Division

c/o "Application Reception Center"

Bagama't tinatanggap ang aplikasyon sa bandang autumn season, kung nais malaman ang impormasyon ukol sa paggamit ng serbisyo sa umpsisa ng fiscal year (sa Abril), maaaring alamin ang mga detalye nito sa pamamagitan ng "Koho Sagamihara" o sa website ng siyudad.

Para sa mga katanungan ukol sa paggamit, isinasagawa ang konsultasyon sa sumusunod na counters na nangangasiwa sa pasilidad.

### Mga counters para sa konsultasyon / katanungan:

Midori Childraising Support Center

Tel: 042-775-8813 (Direkta)

Chuo Childraising Support Center

Tel: 042-769-9267 (Direkta)

Minami Childraising Support Center

Tel: 042-701-7723 (Direkta)

Shiroyama Health and Welfare Division

Tel: 042-783-8135 (Direkta)

Tsukui Health and Welfare Division

Tel: 042-780-1408 (Direkta)

Sagamiko Health and Welfare Division

Tel: 042-684-3215 (Direkta)

Fujino Health and Welfare Division

Tel: 042-687-2159 (Direkta)

## ● Nursery Fee (halagang dapat bayaran ng gagamit ng serbisyo)

Ang nursery fee para sa mga batang nasa 0 hanggang 2 taong-gulang na age-class, ay pinagpapasiyahan ng siyudad base sa kita ng magulang o kategorya ng pag-apruba at iba pa (kakayahan sa pagbayad). Bukod pa rito, kahit anong uri ng pasilidad ang gagamitin, ang nursery fee ay pareho.

Libre o walang bayad (0 yen) ang nursery fee para sa mga batang nasa 3 hanggang 5 taong-gulang na age-class (natasakop ang mga batang sumapit na sa 3 taong-gulang na naaprubahan sa type-1 Education / Childcare Subsidy Certification).

Sa alinmang kasu, ang halaga para sa actual cost burden at specific burden (kung may itinakda sa pasilidad), ay kailangang bayaran nang bukod sa childcare fee.

## Childcare Facility Use Subsidy Certification

Ang mga magulang o tagapag-alaga na gumagamit ng kindergarten na hindi subsidized (hindi benefit-type), extended childcare, childcare facilities at iba pa na hindi nabigyan ng accreditation, na nais tumaggap ng benepisyo ay kailangang tumanggap ng Childcare Facility Use Subsidy Certification sang-ayon sa sumusunod na kategorya.

Kategorya ng pag-apruba	Kondisyon para sa sertipikasyon	Halaga ng benepisyo		
		Kindergarten na hindi subsidized (hindi benefit-type)	Benefit-type Kindergarten / Nintei Kodomoen	Childcare facilities na hindi sertipikado, at iba pa
Bagong type-1 Certification	Kapag ang bata ay sumapit na sa tatlong taong-gulang o higit pa, at nais ng magulang na pag-aralin sa isang kindergarten na hindi subsidized (hindi nais gumamit ng extended childcare)	Hanggang 25,700 yen bawat buwan ang upper limit		
Bagong type-2 Certification	Kapag ang bata ay nasa 3 taong-gulang o higit pa (sa Abril 1), at nasasakop sa "Dahilan sa pangangailangan ng childcare" ang pagtrabaho ng mga magulang, at nais gamitin ng magulang ang extended childcare o childcare facilities at iba pa na hindi nabigyan ng accreditation.	Hanggang 25,700 yen bawat buwan + bilang ng araw ng paggamit sa "extended childcare" x 450 yen (hanggang 11,300 yen bawat buwan) ang upper limit	Bilang ng araw ng paggamit sa "extended childcare" x 450 yen (hanggang 11,300 yen bawat buwan) ang upper limit	Hanggang 37,000 yen bawat buwan ang upper limit
Bagong type-3 Certification	Kapag ang bata ay hindi pa sumapit sa 3 taong-gulang (sa Abril 1), at nasasakop sa "Dahilan sa pangangailangan ng childcare" ang pagtrabaho ng mga magulang, pumapaailim bilang "sambahayan exempted sa pagbayad ng residence tax", at nais gamitin ng magulang ang extended childcare o childcare facilities at iba pa na hindi nabigyan ng accreditation.	Hanggang 25,700 yen bawat buwan + bilang ng araw ng paggamit sa "extended childcare" x 450 yen (hanggang 16,300 yen bawat buwan) ang upper limit	Bilang ng araw ng paggamit sa "extended childcare" x 450 yen (hanggang 16,300 yen bawat buwan) ang upper limit	Hanggang 42,000 yen bawat buwan ang upper limit

- \* Maaaring kumpirmahan sa website ng siyudad ang detaleye ukol sa "Dahilan sa pangangailangan ng childcare".
- \* Ang gastos lamang para sa childcare ang sakop ng Childcare Facility Use Subsidy, at kinakailangang bayaran mismo ng gagamit ng serbisyo ang iba pang gastos tulad ng mga gamit sa pag-aaral, pagkain, transportasyon papunta at pauwi mula sa kindergarten, gastos sa mga pagdiriwang at iba pa.
- \* Kapag ang actual costs para sa childcare ay mas mababa sa halaga ng maximum subsidy, ang halaga ng benepisyo o subsidy na ipagkakaloob ay hanggang sa actual amount o halaga na ginastos para sa childcare.
- \* Upang magamit ang benefit-type (subsidized) kindergarten at Nintei Kodomoen, kailangang matanggap muna ang type-1 Children's Education / Childcare Subsidy Certification (pahina 29).
- \* Kabilang sa childcare facilities at iba pa na hindi nabigyan ng accreditation ang non-accredited childcare facilities (pahina 47), temporary childcare (pahina 45), childcare para sa mga batang may sakit at nagpapagaling (pahina 45), Family Support Center (pahina 66).
- \* Ang subsidy o benepisyo ay ipinagkakaloob lamang kung gagamitin ang "subsidy-eligible facilities" na itinakda at kumpirmado ng siyudad.

Para sa mga katanungan: Ukol sa bagong type-1 Certification: Nursery Division

Tel: 042-769-8341 (Direkta)

Ukol sa bagong type-2, 3 Certification: Tingan ang "Reception Counter / Contact" sa pahina 30.

## Pamamaraan sa pagawa ng aplikasyon para sa Childcare Facility Use Subsidy Certification

Ang pamamaraan sa pagawa ng aplikasyon para sa Childcare Facility Use Subsidy Certification ay magkaiba depende sa uri ng pasilidad na nais gamitin.

Pasilidad na nais gamitin, at iba pa	Kategorya ng pag-aprubahan	Paraan sa paggawa ng aplikasyon
Kindergarten na hindi subsidized (hindi benefit-type)	Bagong type-1 certification o bagong type-2, type-3 certification	Gumawa ng aplikasyon sa siyudad sa pamamagitan ng pasilidad na nais gamitin
Benefit-type (subsidized) kindergarten, Nintei Kodomoen (pinaplanong gamitin ang extended childcare)	Bagong type-2, type-3 certification	Gumawa ng aplikasyon sa siyudad sa pamamagitan ng pasilidad na nais gamitin
Childcare facilities at iba pa na hindi nabigyan ng accreditation	Bagong type-2, type-3 certification	Gumawa ng aplikasyon sa pamamagitan ng pasilidad na nais gamitin o mag-apply nang direkta sa siyudad (magkaiba depende sa bawat pasilidad)

## “Sukusuku” Nursery Attendant (Childcare Professional Counselor)

Sa Childraising Support Center ng bawat distrito o Ward, may nakatalagang espesyalista sa konsultasyon ukol sa pag-aalaga ng bata na tinatawag na “Sukusuku Nursery Attendant”. Isinasagawa ang pamamahagi ng impormasyon, konsultasyon at pagbigay ng suporta na nababagay sa pangangailangan ng mga pamilyang nagpapalaki ng bata, upang bigyang-daan ang matiwasya na paggamit sa mga pasilidad tulad ng Kindergarten, nursery facilities, at iba’t-ibang nursery services.

Para kumunsulta sa isang Sukusuku Nursery Attendant, sumangguni sa tanggapan ng bawat Childraising Support Center.

**Para sa mga katanungan (contact info para sa Childraising Support Center):** “Reception Counter / Inquiry” sa pahina 30

## Nursery

### “Listahan ng mga Nursery”

Ang bilog (○) sa ilalim ng “short-term” ay mga lugar na may short-term nursery service

Ang salitang “Kategorya” ay naglalarawan sa uri ng organisasyong kinabibilangan, na nakasulat ayon sa sumusunod:

Soc-Wel=> Social Welfare Corporation

Educ=> Incorporated Educational Institution

Corp=>Corporation

Gen=> General Incorporated Association

Mun=>Municipal

Iba=> iba pang korporasyon, indibidwal

○Nursery facilities na nasa pangangasiwa ng Midori Childraising Support Center (Tel: 042-775-8813)

Nº	Pangalan	Kategorya	Address	Numero ng telepono	Short-Term
1	Hoshinoko Nursery	Soc-Wel	2-14-7 Aihara, Midori-ku	042-700-2007	○
2	Hoshinoko Daisan Nursery	Soc-Wel	2-10-19 Aihara, Midori-ku	042-775-5361	○
3	Aihara Nursery	Mun	4-21-6 Aihara, Midori-ku	042-773-2341	
4	Raymond Nishi-Hashimoto Nursery	Soc-Wel	1-7-1 Nishi-Hashimoto, Midori-ku	042-703-7268	○
5	Combi Plaza Hashimoto Nursery	Corp	1-F Orion Site (shared building) 5-2-15 Nishi-Hashimoto, Midori-ku	042-770-7038	
6	Ask Hashimoto Nursery	Corp	1-3-7 Hashimoto, Midori-ku	042-771-9064	

Nº	Pangalan	Kategorya	Address	Numero ng telefono	Short-Term
7	Angel House Nursery	Corp	2-6-26 Hashimoto, Midori-ku	042-700-4150	○
8	Angel House Nursery School Annex	Corp	2-24-4 Hashimoto, Midori-ku	042-703-7103	○
9	Raymond Hashimoto Nursery	Soc-Wel	1-F Park Square, 3-13-1 Hashimoto, Midori-ku	042-775-5301	
10	Raymond Hashimoto Nursery (Annex)	Soc-Wel	2-F Mewe Hashimoto, 3-28-1 Hashimoto, Midori-ku	042-703-8215	
11	Genkids Daini Nursery	Soc-Wel	5-30-23 Hashimoto, Midori-ku	042-700-7770	○
12	Kounotori Hashimoto Nursery	Soc-Wel	1-F Gran Torre Hashimoto 6-36-1, Hashimoto, Midori-ku	042-703-0911	○
13	Genkids Nursery	Soc-Wel	8-4-4 Hashimoto, Midori-ku	042-770-5566	○
14	Hoshinoko Daini Nursery	Soc-Wel	8-27-23 Hashimoto, Midori-ku	042-775-2580	
15	Hashimoto Chuo Nursery	Iba	1-25-17 Hashimotodai, Midori-ku	042-703-1855	○
16	Takami Nursery	Soc-Wel	3-16-9 Higashi-Hashimoto, Midori-ku	042-773-3235	○
17	Chiisaki Hana Nursery	Soc-Wel	1848-5 Oshima, Midori-ku	042-761-2563	○
18	Osawa Nursery	Mun	383-3 Kamikuzawa, Midori-ku	042-761-0380	

◎Nursery facilities na nasa pangangasiwa ng Shiroyama Health and Welfare Division (Tel: 042-783-8135)

Nº	Pangalan	Kategorya	Address	Numero ng telefono	Short-Term
1	Shiroyama Chuo Nursery	Mun	1-5-47 Kubosawa, Midori-ku	042-782-5135	
2	Shiroyama Seibu Nursery	Mun	1-18-1 Tanigahara, Midori-ku,	042-782-8011	
3	Genkids Shiroyama Nursery	Soc-Wel	1-5-14 Machiya, Midori-ku	042-782-6555	○

◎Nursery facilities na nasa pangangasiwa ng Tsukui Health and Welfare Division (Tel: 042-780-1408)

Nº	Pangalan	Kategorya	Address	Numero ng telefono	Short-Term
1	Kushikawa Nursery	Mun	975 Aoyama, Midori-ku	042-784-1378	
2	Aonohara Nursery	Mun	1975-2 Aonohara, Midori-ku	042-787-0131	
3	Nakano Nursery	Mun	152-1 Oi, Midori-ku	042-784-4400	
4	Kushikawa Tobu Nursery	Mun	1579-1 Negoya, Midori-ku	042-784-2907	
5	Tsukui Chuo Nursery	Mun	932 Mikage, Midori-ku	042-784-0289	○

◎Nursery facilities na nasa pangangasiwa ng Sagamiko Health and Welfare Division (Tel: 042-684-3215)

Nº	Pangalan	Kategorya	Address	Numero ng telefono	Short-Term
1	Uchigo Nursery	Mun	823 Suwarashi, Midori-ku	042-685-0002	
2	Chigira Nursery	Mun	983-1 Chigira, Midori-ku	042-684-3355	

◎Nursery facilities na nasa pangangasiwa ng Fujino Health and Welfare Division (Tel: 042-687-2159)

Nº	Pangalan	Kategorya	Address	Numero ng telefono	Short-Term
1	Hizure Nursery	Mun	1063-1 Hizure, Midori-ku	042-687-4739	

©Nursery facilities na nasa pangangasiwa ng Chuo Childraising Support Center (Tel: 042-769-9267)

Nº	Pangalan	Kategorya	Address	Numero ng telefono	Short-Term
1	Takenoko Nursery	Soc-Wel	2-5-9 Oyama, Chuo-ku	042-773-9113	
2	Takenoko Daini Nursery	Soc-Wel	2-7-24 Oyama, Chuo-ku	042-779-3330	
3	Miratz Sagamihara Nursery School	Corp	1-2F, 4-5-3 Chuo, Chuo-ku	042-768-7454	○
4	Epoch Nursery	Inc	3-8-8 Sagamihara, Chuo-ku	042-754-1616	
5	Angel Nursery	Soc-Wel	4-7-14 Sagamihara, Chuo-ku	042-776-0906	○
6	Yumeiro Nursery	Corp	1-F Villa Sagamihara, 4-8-6 Sagamihara, Chuo-ku	042-707-8357	
7	Yumeiro Nursery (Annex)	Corp	4-9-6 Chuo-ku, Sagamihara	042-707-8631	
8	Pokkapokka Nursery Sagamihara-en	Corp	6-1-6 Sagamihara, Chuo-ku	042-754-6767	○
9	Nursery Room Felice Sagamiharaen	Corp	8-5-12 Chuo-ku, Sagamihara	042-704-8336	○
10	Sagamihara Nursery	Mun	8-7-5 Sagamihara, Chuo-ku	042-753-2288	○
11	Susukino Nursery	Soc-Wel	2-6 Susukinocho, Chuo-ku	042-752-3044	○
12	Sagami Nursery	Educ	2-7-26 Yabe, Chuo-ku	042-752-2045	○
13	Chiyoda Nursery	Soc-Wel	4-5-12 Chiyoda, Chuo-ku	042-758-7711	○
14	Chiyoda Nursery (Annex) Moomin	Soc-Wel	4-2-15 Chiyoda, Chuo-ku	042-810-7711	
15	Fuji Infant Nursery	Soc-Wel	1-4-8 Hoshigaoka, Chuo-ku	042-752-5548	
16	Fuji Infant Nursery (Annex) Fuji	Soc-Wel	4-10-19 Hoshigaoka, Chuo-ku	042-853-1122	
17	Izumi Nursery	Soc-Wel	2-8-2 Aoba, Chuo-ku	042-756-3044	○
18	Kamimizo Nursery	Soc-Wel	3-2-1 Hikarigaoka, Chuo-ku	042-754-7374	○
19	Kohitsuji Nursery	Inc	2-5-11 Yokodai, Chuo-ku	042-756-4372	
20	Yokodai Nursery	Mun	3-19-1 Yokodai, Chuo-ku	042-756-5300	
21	Suzuran Nursery	Corp	Otani Dai-ichi Bldg., 2-18-6 Kanumadai, Chuo-ku	042-776-0780	
22	Momiji Nursery Kamiyabe	Soc-Wel	1-5-12 Kamiyabe, Chuo-ku	042-707-8562	○
23	Grandir Nursery	Corp	2-16-5 Higashi-Fuchinobe, Chuo-ku	042-758-6136	
24	Nighttime Nursery Dream	Soc-Wel	1-16-5 Fuchinobe, Chuo-ku	042-768-2265	○
25	YMCA Oberin Nursery	Soc-Wel	2-F Oberlin University International Dormitories, 3-5-41 Fuchinobe, Chuo-ku	042-707-9974	○
26	Fuchinobe Wanpakuen	Corp	1F La Tiv Bldg., 4-37-12 Fuchinobe, Chuo-ku	042-768-2333	
27	Nijiiro Nursery Fuchinobe	Corp	5-9-6 Fuchinobe, Chuo-ku	042-851-3022	○
28	Harakara Nursery	Soc-Wel	2-25-31 Fuchinobe-Honcho, Chuo-ku	042-707-0172	○
29	Pokkapokka International Nursery	Corp	4-1-17 Fuchinobe-Honcho, Chuo-ku	042-707-0140	
30	Kamiyabe Nursery	Mun	3-1 Yabe-Shincho, Chuo-ku	042-755-3297	○
31	Hiyoko Nursery	Soc-Wel	7-5-3 Kamimizo, Chuo-ku	042-762-1015	○
32	Hiyoko Nursery (Annex)	Soc-Wel	1-F Shimizuya Department Store Bldg., 7-4-14, Kamimizo, Chuo-ku	042-760-7515	
33	Fuji Daini Nursery	Soc-Wel	350 Kamimizo, Chuo-ku	042-778-2211	○
34	Hiyoko Daini Nursery	Soc-Wel	1887-1 Kamimizo, Chuo-ku	042-750-0680	○

Nº	Pangalan	Kategorya	Address	Numero ng telepono	Short-Term
35	Minami-Kamimizo Nursery	Mun	1961-1 Kamimizo, Chuo-ku	042-756-3140	○
36	Yuai Nursery	Soc-Wel	2-14-68 Suigo-Tana, Chuo-ku	042-762-0349	○
37	Kuwanomi Nursery	Iba	1580-10 Tana, Chuo-ku	042-763-5014	
38	Tana Nursery	Mun	6229-2 Tana, Chuo-ku	042-761-0905	○

◎Nursery facilities na nasa pangangasiwa ng Minami Childraising Support Center (Tel: 042-701-7723)

Nº	Pangalan	Kategorya	Address	Numero ng telepono	Short-Term
1	Onomura Itsukino Nursery	Soc-Wel	3-15-48 Onodai, Minami-ku	042-707-8723	○
2	Nijiiro Nursery School Kobuchi	Corp	2-17-9 Kobuchi, Minami-ku	042-707-9116	○
3	Kobuchi Nursery	Soc-Wel	3-1-8 Kobuchi, Minami-ku	042-707-1425	○
4	Sagamihara Kobuchi Kirara Nursery	Corp	4-2-1 Kobuchi, Minami-ku	042-768-8065	○
5	Nursery School T&Y Komorebi-no Mori	Soc-Wel	3-5-8 Nishi-Onuma, Minami-ku	042-702-9885	○
6	Onuma Nursery	Mun	3-18-20 Higashi-Onuma, Minami-ku	042-745-2140	
7	Wakamatsu Nursery	Soc-Wel	2-3-7 Wakamatsu, Minami-ku	042-745-1122	○
8	Nijiiro Nursery Kami-Tsuruma Honcho	Corp	2-6-21 Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-705-2451	
9	Meitoku Kamitsuruma Nursery School	Soc-Wel	4-11-10 Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-705-4410	○
10	Yaguchi Nursery	Mun	4-47-10 , Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-742-6915	
11	Fuji Sun Sun Nursery	Soc-Wel	6-4-11 Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-815-3311	○
12	Fuji Sun Sun Nursery (Annex) Fuji Baby Home	Soc-Wel	6-25-3, Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-815-3311	
13	Nursery Alice	Soc-Wel	7-9-34, Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-749-0253	○
14	Rissho Kid's Kirari	Soc-Wel	2-F D Bldg., 4-5-5 Sagami-Ono, Minami-ku	042-767-2013	
15	Rissho Kid's Kirari (Nursery Annex) Popy	Soc-Wel	4-5-1-201 Sagami-Ono, Minami-ku	042-744-2213	○
16	Mom Kids Sagami-Ono Kitaguchi	Corp	2F/3F Sino Plaza, 5-29-10-1 Sagami-Ono, Minami-ku	042-705-5234	○
17	Mom Kids Ohno North Exit Shin-en	Corp	1F, 6-9-26, Sagami-Ono, Minami-ku	042-705-6455	○
18	Mommy Nursery Sagami-Ono	Corp	Sagami-Ono Brother Bldg 7-3-3 Sagami-Ono, Minami-ku	042-747-3667	
19	Mom Kids Sagami-Ono Minamiguchi	Corp	7-7-5 Sagami-Ono, Minami-ku	042-740-5315	○
20	Sagami-Ono Kirara Nursery	Corp	7-37-10 Sagami-Ono, Minami-ku	042-701-6075	○
21	Mirai Nursery School	Corp	Yuyu Square Sagami-Ono 1-A, 8-7-7 Sagami-Ono, Minami-ku	042-705-5511	
22	Nonohana Bunkyo Nursery	Soc-Wel	1-6-5 Bunkyo, Minami-ku	042-705-3355	○
23	Hiyoko Daisan Nursery	Soc-Wel	1-29 Yutakacho, Minami-ku	042-767-5565	○
24	Torin Nursery	Mun	1-13-17 Sonan, Minami-ku	042-742-2763	○

Nº	Pangalan	Kategorya	Address	Numero ng telepono	Short-Term
25	Sagamihara Higashi-Rinkan Kirara Nursery School	Corp	2-7-5 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-767-7090	○
26	Kunugidai Nursery	Soc-Wel	3-23-18 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-745-1152	○
27	Kunugidai Nursery (Annex)	Soc-Wel	2-F Sagami-Ono Omori bldg, 7-1-10, Sagami-Ono, Minami-ku	042-747-9181	
28	Canvas Higashi-Rinkan Nursery	Soc-Wel	4-26-4 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-701-0771	○
29	Nursery Higashi-Rinkan Junior Club	Soc-Wel	6-6-23 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-746-1677	
30	Happy Child Nursery	Iba	1-F PROSPER-K, 6-28-7 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-810-8645	○
31	Cocofump Higashi-Rinkan Nursery	Corp	1-17-14 Higashi-Rinkan, Minami-ku	042-705-1725	
32	Asamidori Nursery	Soc-Wel	2-22-6 Higashi-Rinkan, Minami-ku	042-705-8653	○
33	Canvas Higashi-Rinkan Daini Nursery	Soc-Wel	7-35-3 Higashirinkan, Minami-ku	042-702-0881	○
34	Asamizo Nursery	Mun	1357-1 Taima, Minami-ku	042-778-3752	○
35	Asamizodai Nursery	Mun	6-25-35 Asamizodai, Minami-ku	042-742-6653	○
36	Sobudai Nursery	Mun	2-39-11 Araisono, Minami-ku	046-255-1149	○
37	Araisono Nursery	Soc-Wel	3-22-15 Araisono, Minami-ku	046-253-0795	○
38	Araisono Nursery (Annex)	Soc-Wel	4-2-8 Araisono, Minami-ku	046-256-0856	
39	Araiso Nursery	Mun	1176-13 Isobe, Minami-ku	046-255-6124	
40	Marshmallow Nursery	Soc-Wel	2-26-4, Sagamidai, Minami-ku	042-745-1601	○
41	Aoisora Nursery	Soc-Wel	5-8 Sagamidai-Danchi, Minami-ku	042-705-1523	○
42	Nursery School T & Y Minamidai	Soc-Wel	1-4-20 Minamidai, Minami-ku	042-851-5828	○
43	Rissho Nursery	Soc-Wel	5-10-26 Minamidai, Minami-ku	042-744-1313	○
44	Rissho Nursery (Annex) Preschool Rissho	Soc-Wel	1F Pairnade Odasaga, 5-11-9 Minamidai, Minami-ku	042-701-9013	
45	Sendan Nursery	Soc-Wel	2078-2 Shindo, Minami-ku	046-251-1346	○

Taglay ng pasilidad na ito ang mga function at katangian ng Kindergarten at Nursery School, at magkaiba ang edad na maaaring tanggapin / kategorya ng pag-aprubua sa bawat individual facility.

Uri ng pasilidad	Kategorya ng pag-aprubua na maaaring gamitin	Pagpapaliwanag ukol sa pasilidad
Kindergarten-Nursery type Nintei Kodomoen	Type 1,2,3 Children's Education / Childcare Subsidy Certification*	Pasilidad na nasa posisyon bilang isang paaralan at Child Welfare facility.
Kindergarten-type Nintei Kodomoen		Kindergarten (paaralan) na may dagdag na function ng isang nursery facility.
Nursery-type Nintei Kodomoen		Pasilidad na kung saan may kindergarten function na idinagdag sa nursery (child welfare facility)

\*Depende sa pasilidad ay magkaiba ang edad na maaaring tanggapin.

## "Listahan ng mga Nintei Kodomoen"

Ang mga bagay ukol sa "Pagtanggap", ay ang kategorya ng pag-aprubua para sa Children's Education / Childcare Subsidy na maaaring tanggapin (tingnan ang pahina 29 ukol sa "kategorya ng pag-aprubua".)

Para sa ★, ang batang nasa 2 taong-gulang lamang ang tinatanggap sa Type 3 Children's Education / Childcare Subsidy Certification.

◎Nintei Kodomoen na nasa pangangasiwa ng Midori Childraising Support Center (Tel: 042-775-8813)

\* Sumangguni sa bawat Kodomoen upang alamin ang mga detalye ukol sa admission procedures para Type 1 Children's Education / Childcare Subsidy Certification.

Nº	Pangalan	Uri	Kategorya	Address	Pagtanggap	Numero ng telepono	Short-term
1	Nihonmatsu Kodomoen	Kindergarten-Nursery Type	Soc-Wel	2-30-30 Nihonmatsu, Midori-ku	1,2,3	042-773-2515	○
2	Nintei Kondomoen Sagamino Kindergarten	Kindergarten-Nursery Type	Educ	3-9-12 Nihonmatsu, Midori-ku	1,2,3	042-772-2915	
3	Nintei Kodomoen Shincho Kindergarten	Kindergarten-Type	Educ	1-20-5 Aihara, Midori-ku	1,2	042-772-0926	
4	Kindergarten / Nursery type Nintei Kodomoen Hashimoto Ringo Kodomoen	Kindergarten-Nursery Type	Soc-Wel	1-12-25 Hashimoto, Midori-ku	1,2,3	042-770-1509	○
5	Kindergarten-Nursery type Nintei Kodomoen Himawari Daini Kodomoen	Kindergarten-Nursery Type	Soc-Wel	4-18-19 Hashimoto, Midori-ku	1,2,3	042-703-5847	○
6	Nintei Kodomoen Hashimoto Kindergarten	Kindergarten-Type	Educ	6-14-1 Hashimoto, Midori-ku	1,2	042-771-1448	
7	Ritose Hashimoto Kodomoen	NurseryType	Inc	6-22-8 Hashimoto, Midori-ku	1,2,3	042-703-6655	○
8	Nishi-Hashimoto Mitake Kodomoen	Kindergarten-Nursery Type	Soc-Wel	2-20-12 Nishi-Hashimoto, Midori-ku	1,2,3	042-700-6688	
9	Kindergarten-Nursery type Nintei Kodomoen Minna-no Toppo Kodomoen	Kindergarten-Nursery Type	Soc-Wel	1-19-12 Higashi-Hashimoto, Midori-ku	1,2,3	042-770-1609	○
10	Kindergarten-Nursery type Nintei Kodomoen Higashi-Hashimoto Himawari Kodomoen	Kindergarten-Nursery Type	Soc-Wel	4-14-36 Higashi-Hashimoto, Midori-ku	1,2,3	042-773-2016	○

Nº	Pangalan	Uri	Kategorya	Address	Pagtanggap	Numero ng telepono	Short-term
11	Kindergarten-Nursery type Nintei Kodomoen Oshima Kindergarten	Kindergarten-Nursery Type	Educ	202-1 Oshima, Midori-ku	1,2,3	042-762-3633	○
12	Kindergarten-Nursery type Nintei Kodomoen Mukudori Kaze-no-Mori Kodomoen	Kindergarten-Nursery Type	Soc-Wel	11-147 Oshima, Midori-ku	1,2,3	042-762-8328	○
13	Kindergarten-Nursery type Nintei Kodomoen Mukudori Kaze-no-Mori Kodomoen Annex	Kindergarten-Nursery Type	Soc-Wel	1-F, Bldg.-I, Municipal Kamikuzawa-Danchi, 4 Kamikuzawa, Midori-ku	3	042-761-6866	
14	Nintei Kodomoen Genkiko (Osawa Daini Kindergarten)	Kindergarten-Type	Educ	1304-2 Oshima, Midori-ku	1,2	042-761-3464	
15	Nintei Kodomoen Mori-no Hikari (Osawa Kindergarten)	Kindergarten-Type	Educ	267 Kamikuzawa, Midori-ku	1,2,3 ★	042-762-4389	
Bawat taon sa may kalagitnaan ng Disyembre, ipinapadala sa pamamagitan ng koreo ang "Notis sa pagpasok sa paaralan" para sa mga magulang at kabataan / mag-aaral na mag-uumpisang pumasok sa paaralan. Sa kaso ng mga dayuhang batang mag-aaral, kailangang gawin ang mga pamamaraan sa School Affairs Division ng paaralan. Dahil may mga kinakailangang dokumento at iba pa, kailangang sumangguni muna sa nabanggit na tanggapang.

Kapag ang dayuhang batang mag-aaral na pumapasok na sa Sagamihara Municipal Elementary School at iba pa ay nais na pumasok sa Sagamihara Municipal Junior High School at iba pa, hindi na kailangang gawin ang mga pamamaraan sa pagpasok.

### ● Mga pamamaraan sa paglipat ng paaralan:

Sa pagbigay ng notipikasyon sa panahon ng paglipat patungo sa siyudad o paglipat ng tirahan kung saan may mag-aaral na nasa Elementary o Junior High School, ipinagkakaloob ang "Notis sa pagpasok sa paaralan", na kailangang isumite sa itinakdang paaralan kasabay ng "Certificate of Enrollment" at "School Textbook Allowance Certificate" na natanggap sa paaralang pinapasukan. Kailangang sumangguni sa School Affairs Division ng paaralan tungkol sa pagpasok sa ibang Municipal Elementary / Junior High School at iba pa iba, maliban sa itinakdang paaralan.

### ● Mga pamamaraan para sa mga nagbabalak mag-enrol o di kaya'y kasalukuyang pumapasok sa pribadong Elementary School / Junior High School:

Sa kaso ng pag-enrol sa pribadong Elementary School / Junior High School o sa paglipat ng mag-aaral na kasalukuyang pumapasok sa paaralan, kailangang dalhin ang "Written Consent" (School Admission Permit (Pagpapatunay)) mula sa punong guro ng paaralan at ipaalam ito sa sumusunod na counter o tanggapan.

School Affairs Division, Midori Ward Residents Division, Minami Ward Residents Division, sa bawat Community Building Center (Paalala 1) at mga sangay o Field Office

Para sa mga katanungan: School Affairs Division Tel: 042-769-8282 (Direkta)

## Suporta para sa gastos sa pagpasok sa paaralan

Para sa mga nahihiapan sa gastos sa pagpasok sa paaralan ng anak sa pambansa/pampublikong Elementary/Junior High School (pati compulsory education school, first half course ng secondary education school), ipinagkakaloob ang suporta para sa bahagi ng mga gastos sa paaralan tulad ng mga gastos sa school materials, school lunch at iba pa. =Isinasagawa ang pagsusuri sa kita ng sambahayan=

Kung nais tumanggap ng suporta, kailangang isumite ang application form sa School Affairs Division ng paaralan sa pamamagitan ng koreo o pagdala mismo nito sa nabanggit na lugar. Ang application form ay ipinamamahagi sa Sagamihara City Municipal Elementary/Junior High School, compulsory education school, School Affairs Division, sa bawat Community Center (maliban sa Sawai) ng paaralan at iba pa. Maaari din na mag-download ng kopya nito sa website ng siyudad. Ang mga tumatanggap ng Livelihood Assistance (Educational Support) ay hindi kailangang gumawa ng aplikasyon.

### ● Nilalaman ng suporta

Suporta para sa mga materyales o school supplies sa pagpasok sa paaralan, gastos para sa mga gamit sa paaralan sa panahon ng pag-enrol ng batang mag-aaral, gastos para sa school lunch at mga gawain sa labas ng paaralan, school trip, gastos sa pagpapagamot o pagbili ng salamin (eyeglasses), gastos para sa graduation album, at iba pa.

Para sa mga katanungan: Sagamihara City Call Center Tel: 042-770-7777 (Direkta)

(Paalala 1) Maliban sa Hashimoto, Honcho-Chiiki at Ono-Minami Community Building Center.



## Listahan ng mga Elementary School

\*Ang Fujino Kita Elementary School ay inilipat na sa isang pansamantalang school building sanhi ng pinsalang dulot ng Typhoon 19 sa unang taon ng Reiwa (2019). Kailangang tumawag muna sa telepono kung nais bumisita sa lugar na ito.

Nº	Pangalan	Address	Numero ng telefono
1	Aihara Elementary School	4-13-14 Aihara, Midori-ku	042-771-2351
2	Asahi Elementary School	6-15-27 Hashimoto, Midori-ku	042-772-0536
3	Uchigo Elementary School	833 Suwarashi, Midori-ku	042-685-0110
4	Osawa Elementary School	1566 Oshima, Midori-ku	042-761-2611
5	Oshima Elementary School	1121-19 Oshima, Midori-ku	042-762-6121
6	Kawashiri Elementary School	2-22-2 Kubosawa, Midori-ku	042-782-2037
7	Kuzawa Elementary School	1859-3 Oshima, Midori-ku	042-763-1801
8	Kushikawa Elementary School	1424 Nagatake, Midori-ku	042-784-0618
9	Keihoku Elementary School	877 Yose, Midori-ku	042-685-1412
10	Koryo Elementary School	4-3-1 Wakabadai, Midori-ku	042-782-4566
11	Sakunokuchi Elementary School	459-1 Shimokuzawa, Midori-ku	042-761-1271
12	Shonan Elementary School	1573 Ogura, Midori-ku	042-782-2400
13	Taimada Elementary School	1-14-1 Aihara, Midori-ku	042-773-2715
14	Chigira Elementary School	1035 Chigira, Midori-ku	042-685-0112
15	Tsukui-Chuo Elementary School	39-7 Mikage, Midori-ku	042-784-0206
16	Toya Elementary School	1321-3 Toya, Midori-ku	042-785-0234
17	Nakano Elementary School	600 Nakano, Midori-ku	042-784-1309
18	Nihonmatsu Elementary School	2-9-1 Nihonmatsu, Midori-ku	042-773-5131
19	Negoya Elementary School	1580 Negoya, Midori-ku	042-784-1460
20	Hashimoto Elementary School	1-12-20 Hashimoto, Midori-ku	042-773-1671
21	Hirota Elementary School	9-5 Hirota, Midori-ku	042-782-8383
22	Fujino Elementary School	549 Hizure, Midori-ku	042-687-2719
23	Fujino-kita Elementary School*	1901 Sanogawa, Midori-ku	042-687-3008
24	Fujino-minami Elementary School	4327 Magino, Midori-ku	042-689-2046
25	Miyakami Elementary School	4-11-1 Hashimoto, Midori-ku	042-773-8700
26	Aoba Elementary School	4-8-4 Namiki, Chuo-ku	042-754-6310
27	Ono-kita Elementary School	2-34-1 Fuchinobe, Chuo-ku	042-755-4841
28	Oyama Elementary School	4-3-2 Oyama, Chuo-ku	042-775-1700
29	Kamimizo Elementary School	7-6-1 Kamimizo, Chuo-ku	042-762-0024
30	Kamimizo-minami Elementary School	782-1 Kamimizo, Chuo-ku	042-778-3326
31	Kyowa Elementary School	1-16-13 Takane, Chuo-ku	042-753-2286
32	Koyo Elementary School	8-33 Koyocho, Chuo-ku	042-752-1309
33	Shinjuku Elementary School	7019 Tana, Chuo-ku	042-761-0811
34	Seishin Elementary School	3-16-6 Seishin, Chuo-ku	042-753-0600
35	Tana Elementary School	5091-1 Tana, Chuo-ku	042-762-0170
36	Tana-kita Elementary School	1932-1 Tana, Chuo-ku	042-761-2627
37	Chuo Elementary School	1-3-22 Fujimi, Chuo-ku	042-753-0727
38	Namiki Elementary School	2-16-1 Namiki, Chuo-ku	042-756-3010
39	Hikarigaoka Elementary School	2-19-1 Hikarigaoka, Chuo-ku	042-753-2285
40	Fujimi Elementary School	2-4-1 Fujimi, Chuo-ku	042-750-8500
41	Fuchinobe Elementary School	4-6-22 Fuchinobe, Chuo-ku	042-752-2044
42	Fuchinobe-higashi Elementary School	3-17-1 Higashi-Fuchinobe, Chuo-ku	042-759-0377
43	Hoshigaoka Elementary School	3-1-6 Hoshigaoka, Chuo-ku	042-754-6000

Nº	Pangalan	Address	Numero ng telefono
44	Yaei Elementary School	3-1-10 Yaei, Chuo-ku	042-755-3119
45	Yokodai Elementary School	1-15-1 Yokodai, Chuo-ku	042-755-7011
46	Yokoyama Elementary School	2-35-1 Yokoyamadai, Chuo-ku	042-754-8712
47	Asamizo Elementary School	713 Shimomizo, Minami-ku	042-778-0259
48	Araiso Elementary School	1028-5 Isobe, Minami-ku	046-251-0214
49	Onuma Elementary School	3-20-1 Higashi-Onuma, Minami-ku	042-743-5250
50	Ono Elementary School	3-21-2 Kobuchi, Minami-ku	042-742-3226
51	Onodai Elementary School	8-1-15 Onodai, Minami-ku	042-756-1210
52	Onodai-Chuo Elementary School	2-26-8 Onodai, Minami-ku	042-755-0022
53	Kashimadai Elementary School	1-9-1 Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-745-7193
54	Kami-Tsuruma Elementary School	4-7-1 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-743-9870
55	Kunugidai Elementary School	5-7-1 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-746-0811
56	Sagamidai Elementary School	6-5-1 Minamidai, Minami-ku	042-744-1439
57	Sakuradai Elementary School	7-7-1 Sagamidai, Minami-ku	042-742-3674
58	Sobudai Elementary School	2-5-1 Sobudai-Danchi, Minami-ku	046-251-2329
59	Tsuruzono Elementary School	7-8-1 Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-746-6681
60	Tsurunodai Elementary School	24-5 Asahicho, Minami-ku	042-745-5611
61	Torin Elementary School	2-3-1 Sonan, Minami-ku	042-742-9579
62	Futaba Elementary School	1-2-15 Futaba, Minami-ku	042-746-0621
63	Midoridai Elementary School	3-10-23 Araisono, Minami-ku	046-253-2004
64	Minami-Ono Elementary School	1-5-1 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-742-2674
65	Moegidai Elementary School	2-41-16 Araisono, Minami-ku	042-746-8877
66	Yaguchi Elementary School	5-13-1 Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-748-9151
67	Yaguchidai Elementary School	2-12-1 Bunkyo, Minami-ku	042-742-2418
68	Yume-no Oka Elementary School	490-2 Taima, Minami-ku	042-777-5800
69	Wakakusa Elementary School	2329 Araisono, Minami-ku	042-746-4644
70	Wakamatsu Elementary School	2-22-1 Wakamatsu, Minami-ku	042-748-5813
71	Steiner Gakuen Primary School (Private)	2805-1 Nagura, Midori-ku	042-686-6011
72	LCA Kokusai Elementary School (Incorporated Institution)	3-7-1 Hashimotodai, Midori-ku	042-771-6131
73	Sagamihara Women's University, Elementary Department (Private)	2-1-1 Bunkyo, Minami-ku	042-742-1444

### Listahan ng mga Junior High School

Nº	Pangalan	Address	Numero ng telefono
1	Aihara Junior High School	8-12-1 Hashimoto, Midori-ku	042-773-1451
2	Asahi Junior High School	1-12-15 Hashimoto, Midori-ku	042-772-0235
3	Uchigo Junior High School	2742-4 Suwarashi, Midori-ku	042-685-0013
4	Uchide Junior High School	2845 Shimokuzawa, Midori-ku	042-761-0818
5	Osawa Junior High School	1800 Oshima, Midori-ku	042-761-2612
6	Kushikawa Junior High School	1469 Nagatake, Midori-ku	042-784-0639
7	Sagamigaoka Junior High School	2-22-4 Kubosawa, Midori-ku	042-782-2310
8	Toya Junior High School	1339 Toya, Midori-ku	042-785-0239
9	Nakazawa Junior High School	2-7-1 Shiroyama, Midori-ku	042-782-8877
10	Nakano Junior High School	960 Nakano, Midori-ku	042-784-1240
11	Fujino Junior High School	2082 Obuchi, Midori-ku	042-687-3019

Nº	Pangalan	Address	Numero ng telefono
12	Hokuso Junior High School	1019-5 Yose, Midori-ku	042-685-1413
13	Ono-kita Junior High School	2-8-40 Fuchinobe, Chuo-ku	042-752-2022
14	Oyama Junior High School	4-3-1 Oyama, Chuo-ku	042-773-3180
15	Kamimizo Junior High School	5-19-54 Yokoyama, Chuo-ku	042-755-3711
16	Kamimizo-minami Junior High School	2322-2 Kamimizo, Chuo-ku	042-763-0155
17	Kyowa Junior High School	1-3-10 Kyowa, Chuo-ku	042-756-3012
18	Seishin Junior High School	8-5-1 Seishin, Chuo-ku	042-754-9443
19	Tana Junior High School	5250-1 Tana, Chuo-ku	042-762-0169
20	Chuo Junior High School	1-3-17 Fujimi, Chuo-ku	042-755-0071
21	Midorigaoka Junior High School	1-28-1 Midorigaoka, Chuo-ku	042-755-4842
22	Yaei Junior High School	3-1-7 Yaei, Chuo-ku	042-758-0252
23	Yoshinodai Junior High School	3-1-3 Yoshinodai, Chuo-ku	042-758-3383
24	Asamizodai Junior High School	4-12-1 Asamizodai, Minami-ku	042-745-7197
25	Uonomori Junior High School	1-11-1 Uonomori, Minami-ku	042-743-2292
26	Onodai Junior High School	8-2-1 Onodai, Minami-ku	042-755-4843
27	Ono-minami Junior High School	1-10-1 Bunkyo, Minami-ku	042-742-3704
28	Kami-Tsuruma Junior High School	4-14-1 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-743-9881
29	Sagamidai Junior High School	20-1 Sakuradai, Minami-ku	042-742-6411
30	Shincho Junior High School	9-14-1 Sagami-Ono, Minami-ku	042-742-0036
31	Sobudai Junior High School	5-1-10 Araisono, Minami-ku	042-746-6201
32	Soyo Junior High School	1540 Isobe, Minami-ku	042-778-0330
33	Torin Junior High School	8-21-1 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-749-1175
34	Yaguchi Junior High School	4-13-43 Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-743-2234
35	Wakakusa Junior High School	2046 Araisono, Minami-ku	042-748-5788
36	Steiner Gakuen Secondary School (Private)	2805-1 Nagura, Minami-ku	042-686-6011
37	Sagami Women's University Junior & Senior High School (Private)	2-1-1 Bunkyo, Minami-ku	042-742-1442
38	Tokai University Sagami Junior & Senior High School (Private)	3-33-1 Sonan, Minami-ku	042-742-1251
39	Sagamihara Secondary School (First half course) (Prefectural)	4-1-1 Sagami-Ono, Minami-ku	042-749-1279

### Listahan ng Compulsory Education School

Nº	Pangalan	Address	Numero ng telefono
1	Seiwa Gakuen	1250-1 Aonohara, Midori-ku	042-787-0014

\*Ano ang Compulsory Education School?

Ito ay bagong uri ng paaralan kung saan ang curriculums ng Elementary at Junior High School ay isinasagawa sa isang paaralan mula sa Grade-1 hanggang Grade-9 (katumbas ng 3rd Year Junior High School).

3

# Benepisyoy / Suporta

## Lump-sum Childbirth/Childcare Allowance

Ipinagkakaloob ang halagang 420,000 Yen bilang Lump-sum Childbirth/Childcare Allowance sa oras na manganak ang isang miyembro ng National Health Insurance. Kung nais gamitin ang direct payment system, ang halagang 420,000 Yen mula sa National Health Insurance ay babayaran ng direkta sa pagamutan at iba pa, kung saan ang 420,000 Yen ay ibabawas sa kabuuang halaga o gastos ng panganganak.

**Para sa mga katanungan:** Sagamihara City National Health Insurance Call Center Tel: 042-707-8111 (Direkta)

\*Para sa mga miyembro ng ibang uri ng seguro maliban sa National Health Insurance, may sistema din na katulad nito, kaya kailangang sumanggungi sa tanggapan ng segurong pinasukan.

## Child Allowance

Ipinagkakaloob ang Child Allowance para sa mga nagpapalaki ng bata hanggang sa panahong bago makatapos ito ng Junior High School. Maaring gawin ang aplikasyon sa tanggapan ng bawat Childraising Support Center, Health and Welfare Division, Community Building Center (Paalala 1), sa bawat sangay o Field Office at Ward Residents Division (maaari lamang gawin kasabay ng mga pamamaaraan sa pagbabago sa lagay ng residente tulad ng panganganak, paglipat ng tirahan at iba pa).

**Para sa mga katanungan:** Childraising Benefits Division Tel: 042-769-8232 (Direkta)

## Suporta sa gastos ng pagpapagamot ng mga kabataan

### Mula sa mga batang wala pang isang taong gulang hanggang sa mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang ng Junior High School

Ipinagkakaloob ang suporta o subsidy para sa copayment amount o halagang binayaran mismo para sa gastos sa pagpapagamot sa paggamit ng health insurance (maliban sa mga gastos sa pagpapagamot na kung saan maaaring gamitin ang ibang medical system na suportado ng public funds, high medical expense mula sa health insurance, halagang ipinagkakaloob bilang karagdagang benepisyoy at iba pa). Subalit, may limitasyon sa kita o income para sa batang nasa 1 taong-gulang at pataas. Tinatanggap ang aplikasyon sa bawat tanggapan ng Childraising Support Center, Health and Welfare Division, Ward Residents Division (sa panahon ng paglipat patungo sa ward lamang para sa residente ng Chuo Ward), sa bawat Community Development Center (Paalala 2) at sangay o Field Office.

	Nasasakop na edad	Pagbisita sa pagamutan (pagpapagamot, at iba pa)	Pagbisita sa pagamutan (pagpareseta ng gamot)	Paglagi sa ospital
Nilalaman ng suporta	Wala pang isang taong-gulang *Elementary School, 6 baitang	Suportado ang buong halaga	Suportado ang buong halaga	Suportado ang buong halaga
	Junior High School, 1 baitang* <sup>3</sup>	Suporta sa halagang lampas sa 500 yen * sa 1 beses	Suportado ang buong halaga	Suportado ang buong halaga
	Walang municipal tax na ipapataw	Suportado ang buong halaga		

\* Maaaring bayaran sa counter ng pagamutan ang 500 yen.

Pakibayaran mismo ang halaga kapag hindi umabot sa 500 yen. (Walang suportang ipinagkakaloob)

**Para sa mga katanungan:** Childraising Benefits Division Tel: 042-704-8908 (Direkta)

(Paalala 1) Maliban sa Community Building Center ng Hashimoto, Honcho-Chiiki, Ono-Minami.

(Paalala 2) Maliban sa Community Building Center ng Shiroyama, Tsukui, Sagamiko, Fujino, Hashimoto, Honcho-Chiiki, Ono-Minami.

## **Benepisyo sa pagpapagamot / pagpapalaki ng bata**

Para sa mga sanggol na ipinanganak na may bigat na 2,000g at pababa o di kaya'y ipinangangak sa 37 linggo (gestational age ng sanggol), kung saan napagpasiyahan ng doktor na kailangang alagaan sa ospital, ipagkakaloob ang suporta para sa gastos sa pagpapagamot sa itinakdang childcare medical institution na binayaran mismo (co-payment) sa paggamit ng seguro.

Tinatanggap ang aplikasyon sa tanggapan ng Childrasing Support Center.

**Para sa mga katanungan:** Children & Family Division Tel: 042-769-8345 (Direkta)

## **Medical Rehabilitation Support (Rehabilitative Treatment) Benefit**

Sa pagpapagamot ng batang wala pang 18 taong-gulang na may inborn disability o kapansanan sa katawan sa itinakdang pagamutan, ipinagkakaloob ang suporta sa gastos ng pagpapagamot na binayaran mismo (co-payment) sa paggamit ng seguro. Subalit, depende sa kita o sa itinakdang limitasyon sa kita, may kaso na kung saan kailangang sagutin mismo o bayaran ang mga gastos (co-payment amount sa paggamit ng seguro).

Tinatanggap ang aplikasyon sa tanggapan ng Childrasing Support Center.

**Para sa mga katanungan:** Children & Family Division Tel: 042-769-8345 (Direkta)

## **Specific Pediatric Chronic Disease Medical Benefit**

Sa pagpapagamot ng batang wala pang 18 taong-gulang (kung nagpapatuloy, hanggang sa araw bago sumapit ang ika-20 taong-gulang na kaarawan) na may natatanging malubhang sakit sa itinakdang pagamutang nangangasiwa sa mga chronic pediatric disease, kung saan pumapaialilim sa kategorya ng bawat sakit, ipinagkakaloob ang suporta sa gastos ng pagpapagamot na binayaran mismo (co-payment) sa paggamit ng seguro. Subalit, depende sa kita, may kaso na kung saan kailangang sagutin mismo o bayaran ang mga gastos (co-payment amount sa paggamit ng seguro).

Tinatanggap ang aplikasyon sa tanggapan ng Childrasing Support Center..

**Para sa mga katanungan:** Children & Family Division Tel: 042-769-8345 (Direkta)

## **Exemption sa pagbayad ng National Pension premiums para sa prenatal at postnatal period**

Kapag ang isang miyembro ng National Pension (Category-1 insured person) ay nanganak (o binabalak manganganak), magiging exempted ang nabanggit sa pagbayad ng National Pension premiums sa 4 buwan mula sa buwan bago ang buwan ng panganganak o expected date (o ang 6 buwan mula sa 3 buwan bago ang buwan ng panganganak para sa multiple births).

(Ang exemption period ay kinakalkula bilang insurance premiums period na binayaran na.)

Maaaring gawin ang notipikasyon mula sa 6 buwan bago ang inaasahang pesta ng panganganak sa tanggapan ng National Health Insurance and Pension Division, Ward Residents Divison ng Midori-ku at Minami-ku, sa bawat Community Development Center\*1, at bawat field office.

**Para sa mga katanungan:** Health Insurance and Pension Division Telefono: 042-769-8228 (Direkta)

## Child Disability Welfare Allowance

Sa kaso ng mga kabataang wala pang 20 taong-gulang na nasa sariling tahanan at dumaranas ng kapansangan mental, pisikal o intellectual disability (kalakip ang internal disability) at iba pa, na nasasakop sa kategoryang itinakdang bansa ukol sa antas o tindi ng kapansanan, kung saan kinakailangan ang patuloy na pag-aaruga o suporta para sa araw-araw na kabuhayan, ipinagkakalooob ang Child Disability Welfare Allowance matapos pagpasiyahan ang kondisyon base sa itinakdang Medical Certificate at iba pa.

Tinatanggap ang aplikasyon sa sumusunod na mga counters.

= May limitasyon base sa kita =

### Service counters para sa pagtanggap / para sa mga katanungan:

Midori Elderly / Disabed Persons Consultation Division	Tel: 042-775-8810 (Direkta)
Chuo Elderly / Disabed Persons Consultation Division	Tel: 042-769-9266 (Direkta)
Minami Elderly / Disabed Persons Consultation Division	Tel: 042-701-7722 (Direkta)
Shiroyama Health and Welfare Division	Tel: 042-783-8136 (Direkta)
Tsukui Health & Welfare Division	Tel: 042-780-1412 (Direkta)
Sagamiko Health & Welfare Division	Tel: 042-684-3216 (Direkta)
Fujino Health & Welfare Division	Tel: 042-687-5511 (Direkta)



## Special Child Support Allowance

Para sa mga nagpapalaki ng batang wala pang 20 taong-gulang na dumaranas ng kapansangan mental, pisikal o intellectual disability (kalakip ang internal disability) at iba pa, na nasasakop sa kategoryang itinakdang bansa ukol sa lagay ng kapansanan, ipinagkakalooob ang Speical Child Support Allowance matapos pagpasiyahan ang kondisyon base sa itinakdang Medical Certificate at iba pa. Tinatanggap ang aplikasyon sa sumusunod na mga counters.

= May limitasyon base sa kita =

### Service counters para sa pagtanggap / para sa mga katanungan:

Midori Elderly / Disabed Persons Consultation Division	Tel: 042-775-8810 (Direkta)
Chuo Elderly / Disabed Persons Consultation Division	Tel: 042-769-9266 (Direkta)
Minami Elderly / Disabed Persons Consultation Division	Tel: 042-701-7722 (Direkta)
Shiroyama Health and Welfare Division	Tel: 042-783-8136 (Direkta)
Tsukui Health & Welfare Division	Tel: 042-780-1412 (Direkta)
Sagamiko Health & Welfare Division	Tel: 042-684-3216 (Direkta)
Fujino Health & Welfare Division	Tel: 042-687-5511 (Direkta)



# Palaruan para sa mga kabataan

## Child Welfare Facilities

Ang Child Welfare Facility ay itinatag upang mapanatili ang kalusugan at masaganang damdamin o emosyon ng mga kabataan sa pamamagitan ng isang lugar na nagsisilbing palaruan para sa lahat ng mga kabataaan.

**Para sa mga katanungan:** Children & Youth Support Division Tel: 042-769-9227 (Direkta)

### Children's Center

Sa pasilidad na ito, may mga silid-laruan, Kid's Room, aklatan, Children's Club Room, silid para sa pagpupulong at iba pa.

\*May nakalaang breastfeeding room / breastfeeding corner

\*Kailangang samahan ng magulang o tagapag-alaga ang sanggol kapag nasa lugar na ito.

★Oras ng pagbukas: Lunes hanggang Biernes, 10:00 AM hanggang 5:00 PM

Sabado, Linggo, piyesta opisyal, at mahabang school holiday (bakasyon tuwing spring, summer at winter) 9:00 AM hanggang 5:00 PM

★Araw ng pagsara: katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon (Disyembre 29 hanggang Enero 3), ikatlong Linggo ng bawat buwan at iba pa



### Listahan ng Children's Center

Nº	Pangalan	Address	Numero ng telefono
1	Oshima Children's Center	1121-14 Oshima, Midori-ku	042-762-9891
2	Shiroyama Children's Center	2-22-1 Kubosawa, Midori-ku	042-783-7145
3	Nihonmatsu Children's Center	2-1-1 Nihonmatsu, Midori-ku	042-771-2266
4	Hashimoto Children's Center	1-12-26 Hashimoto, Midori-ku	042-779-7901
5	Ono-kita Children's Center	2-34-2 Fuchinobe, Chuo-ku	042-752-6339
6	Kamimizo-minami Children's Center	742-2 Kamimizo, Chuo-ku	042-777-0930
7	Koyo Children's Center	8-23 Koyocho, Chuo-ku	042-751-9695
8	Seishin Children's Center	3-16-7 Seishin, Chuo-ku	042-752-8852
9	Tana Children's Center	4987-6 Tana, Chuo-ku	042-763-0770
10	Namiki Children's Center	2-16-16 Namiki, Chuo-ku	042-756-0243
11	Fujimi Children's Center	2-4-2 Fujimi, Chuo-ku	042-750-7544
12	Hoshigaoka Children's Center	3-1-2 Hoshigaoka, Chuo-ku	042-750-3729
13	Yokodai Children's Center	2-19-21 Yokodai, Chuo-ku	042-751-9505
14	Yokoyama Children's Center	2-35-2 Yokoyamadai, Chuo-ku	042-751-9384
15	Asamizo Children's Center	670-5 Shimomizo, Minami-ku	042-777-0778
16	Araiso Children's Center	2268-1 Shindo, Minami-ku	046-251-4747
17	Onuma Children's Center	3-20-15 Higashi-Onuma, Minami-ku	042-747-0212
18	Onodai Children's Center	8-1-26 Onodai, Minami-ku	042-751-9504
19	Ono-minami Children's Center	14-21 Asahicho, Minami-ku	042-740-0288
20	Kashimadai Children's Center	3-40-1 Unomori, Minami-ku	042-740-0369
21	Kami-Tsuruma Children's Center	8-10-12 Kami-Tsuruma, Minami-ku	042-740-5655
22	Sagamidai Children's Center	17-1 Sakuradai, Minami-ku	042-765-5758
23	Sobudai Children's Center	4-1-2 Araisono, Minami-ku	046-255-5200
24	Tsuruzono Nakawada Children's Center	7-8-2 Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-748-4748

## ● Children's Hall

May mga playroom, aklatan, silid para sa pagpupulong o pagtitipon at iba pa.

\*Kailangang samahan ng magulang o tagapag-alaga ang sanggol kapag nasa lugar na ito.

★ Oras ng pagbukas: Lunes hanggang Biernes, mula 1:00 PM hanggang 5:00 PM

Sabado, Linggo at piesta opisyal, summer holiday, mula 9:00 AM hanggang 5:00 PM

★ Araw ng pagsara: katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon (Disyembre 29 hanggang Enero 3), at iba pa

## ● Children's Room

Ito ay isang palaruan na gamit ang kasalukuyang pasilidad.

\*Kailangang samahan ng magulang o tagapag-alaga ang sanggol kapag nasa lugar na ito.

★ Oras ng pagbukas: mula 1:00 PM hanggang 5:00 PM

★ Araw ng pagsara: Lunes, piesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon (Disyembre 29 hanggang Enero 3), at iba pa

## Listahan ng Children's Hall, Children's Room

Nº	Pangalan	Address	Numero ng telefono
1	Aihara Children's Hall	4-23-11 Aihara, Midori-ku	042-772-4974
2	Sakunokuchi Children's Hall	498-1 Shimokuzawa, Midori-ku	042-761-4348
3	Miyakami Children's Hall	3-15-9 Higashi-Hashimoto, Midori-ku	042-772-6747
4	Aoba Children's Hall	3-18-16 Namiki, Chuo-ku	042-758-4850
5	Asahi Children's Hall	1-10-4 Kanumadai, Chuo-ku	042-752-9375
6	Kobato Children's Hall	41-10 Susukino-cho, Chuo-ku	042-755-2154
7	Sawai-cho Children's Hall	4-3-10 Fuchinobe, Chuo-ku	042-754-9628
8	Shimokuzawa Children's Hall	964-3 Shimokuzawa, Chuo-ku	042-774-2416
9	Takenouchi Children's Hall	4-26-13 Higashi-Fuchinobe, Chuo-ku	042-755-0323
10	Hikarigaoka Children's Hall	3-7-2 Hikarigaoka, Chuo-ku	042-753-9851
11	Yaei Children's Hall	1-7-18 Yaei, Chuo-ku	042-755-8691
12	Yotsuya Children's Hall	2-1-9 Kamimizo, Chuo-ku	042-761-4362
13	Onodai Daiichi Children's Hall	4-1-2 Onodai, Minami-ku	042-758-8953
14	Onodai Daini Children's Hall	4-14-13 Onodai, Minami-ku	042-758-4932
15	Kobuchi Children's Hall	1-34-26 Kobuchi, Minami-ku	042-755-9153
16	Shinfuchi Children's Hall	5-28-1 Kobuchi, Minami-ku	042-748-6098
17	Sonan Children's Hall	1-15-28 Sonan, Minami-ku	042-742-3680
18	Sobudai Daini Children's Hall	2-3-7 Sobudai-Danchi, Minami-ku	046-251-4962
19	Sobudai Daisan Children's Hall	3-23-6 Sobudai, Minami-ku	046-254-2713
20	Higashi-Rinkan Children's Hall	4-32-1 Higashi-Rinkan, Minami-ku	042-748-7562
21	Misono Children's Hall	5-10-8 Misono, Minami-ku	042-746-0169
22	Minami-Shincho Children's Hall	9-1-4 Sagami-Ono, Minami-ku	042-748-8750
23	Yaguchi Children's Hall	4-46-17 Kami-Tsuruma Honcho, Minami-ku	042-745-8479
24	Tsukui Chuo Children's Room	414 Mikagi, Midori-ku (sa loob ng Tsukui Lifelong Learning Center)	070-6561-8469

## Children's Amusement Park

May mga kagamitan sa paglalaro (duyan, padulasan, horizontal bar), buhangin at iba pa.

Para sa mga katanungan: Children & Youth Support Division Tel: 042-769-8370

## Kodomo no Hiroba

Ang Kodomo no Hiroba (Children's Square) ay isang pook na itinatag at pinangangasiwaan ng Neighborhood Community Association at iba pa, bilang isang pook na madaling puntahan ng mga kabataan para sa paglalaro.

Para sa mga katanungan: Children & Youth Support Division Tel: 042-769-8370

## Adventure Playland (Play Park)

Ang Adventure Playland ay iba sa karaniwang pook-laruan, kung saan ang kasabihang "Play at your own risk" ay ipinapatupad sa pamamagitan ng pagbawas sa mga bagay na ipinagbabawal upang himukin ang bata na "maglaro" sa sarili sa gitna ng kalikasan at mapalawak ang sariling imahinasyon.

Pakikumpirma sa website ang petsa at oras ng pagbukas at iba pa.

Pangalan	Organisayong nangangasiwa	Pangunahing activity sites	Website	Para sa mga katanungan
Ginga-no Mori Play Park (City-outsourced project)	Specified Non-Profit Corporation Kodomo no ibashozukuri Sagamihara	Camp Fuchinobe Reservation (Fuchinobe Park Annex)		090-4812-2074
Mori de Asobou	Tsuchizawamori Asobi-no-kai	2142 Negoya, Midori-ku		090-8087-2109
Mori Park Jiyu Asobi-no Kai	Mori Park Jiyu Asobi-no Kai	Asahi-no Mori Park (Ono-Minami Children's Center Annex)		070-5563-6098 090-1537-0001

Para sa mga katanungan:

Children & Youth Support Division Tel: 042-769-8289 (Direkta)

## Pagpapakilala sa mga gawain ng "Kodomo no ibashozukuri" (children's cafeteria, libreng learning support at iba pa) na nakatuon sa komunidad

Malawak na nakatalaga sa loob ng siyudad ang "Kodomo no ibashozukuri" na pinagugunahan ng lokal na komunidad, kung saan itinatag ang children's cafeteria, libreng learning support at iba pa. Sa pakikipagtulungan sa kaugnay na mga work groups, itinataguyod ng siyudad ang pagkakaroon ng isang matiwasyas na working environment para madaling gawin ng nabanggit na grupo ang kanilang mga gawain.

Maaaring alamin kung saan ito gagawin, at iba pang impormasyon sa website ng siyudad.



Website

<http://www.city.sagamihara.kanagawa.jp/kurashi/seisyonen/1014043.html>

	Children's cafeteria	Libreng learning support
Layunin	Nakatuon sa paghikayat sa mga kabataan, kahit isang bata lamang, upang dumalo sa pamamagitan ng pagbigay ng libre o murang pagkain.	Libreng pagtuturo sa homework, at mga pag-aaral na kinakailangan sa pagpapatuloy ng edukasyon
Pagpapatupad	Mga pangunahing boluntaryo sa lokal na komunidad, NPO (Non-Profit Organization), at iba pa	Mga boluntaryo sa lokal na komunidad, NPO (Non-Profit Organization), at iba pa
Pook na kung saan gagawin	Gagawin sa ilang community halls, mga tindahan, at iba pa	Gagawin sa ilang community halls, pook ng pagpupulong, at iba pa
Nasasakop	Hanggang sa mga mag-aaral ng High School	Hanggang sa mga mag-aaral ng Elementary / Junior High School
Oras	Isa o dalawang beses sa isang buwan (early evening hanggang late evening)	Isang beses sa loob ng isang linggo
Mga lokasyong gagamitin	35 lokasyon (impormasyong kuha sa Enero 2021)	27 lokasyon (impormasyong kuha sa Enero 2021)
Menu / laman ng pag-aaral	Ipinamamahagi sa lahat ang menu na itinakda, na pareho sa school lunch	Suporta para sa homework, dagdag na pag-aaral o tutorial, paghahanda para sa pagsusulit, at iba pa
Bilang na maaaring tatanggapin	Mula 5 hanggang 20 katao. Maaaring magbago depende sa laki ng lugar	Mula 5 hanggang 20 katao. Maaaring magbago depende sa laki ng lugar
Singil	Libre o sa actual cost ng sangkap ng pagkain (nasa 100 – 300 yen)	Libre

### Para sa mga katanungan:

Children & Youth Support Division Tel: 042-769-8289

Paglunsad, pangangalap ng mga pinuno, pag-alok ng suporta, at iba pa

Pangkalahatang consultation counter para sa kinaroroonan ng bata 042-786-6181  
(sa loob ng Chuo Volunteer Center ng Sagamihara City Council for Social Welfare)

# 5

# Suporta sa pagpapalaki ng bata

## Family Support Center

Upang bigyang-daan ang pagkakaroon ng kapayapaan sa isipan at ginhawa sa pagpapalaki ng bata, nagagawang idugtong ang "mga miyembrong gumagamit ng serbisyo na nais tumanggap ng tulong sa pagpapalaki ng bata" at "mga support members na nais makatulong sa mga nagpapalaki ng bata", kung saan nagkakaroon ng pagtutulungan at kooperasyon sa pagitan ng mga mamayang kasangkot sa pagpapalaki ng bata sa pamamagitan ng isang membership organization na tumutulungan sa pagkukkop o pagbigay ng nursery care sa bata, transportation service at iba pang mga gawaing nakatuon sa pagbigay ng tulong at suporta (may bayad).

"Halimbawa ng mga suporta"

- Pagkukkop sa bata bago mag-umpisa at pagkatapos ng nursery, Kidergarten, Nintei Kodomoen, Children's Club, extra-curricular activities
- Pagkukkop sa bata sa kaso ng pagkakasakit ng magulang, paggawa ng nursing care, refresh, at iba pa

"Pagbigay ng pabuya sa miyembro ng suporta"

Petsa at oras ng paggamit	Halaga	
	Unang bata	Mula sa pangalawang magkakapatid
Lunes – Biyernes, 7:00 AM – 7:00 PM	1 oras: 700 yen	1 oras: 400 yen
Lunes – Biyernes, maliban sa oras na nabanggit sa itaas		
Buong araw tuwing Sabado, Linggo, piesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon	1 oras: 900 yen	1 oras: 500 yen

**Para sa mga katanungan:** Family Support Center (Administrative Office)

2-F Ajisai Kaikan, 6-1-20 Fujimi, Chuo-ku (sa loob ng Sagamihara City Social Welfare Council) Tel: 042-730-3885 (Direkta)

## Maternity Support Group

Kabilang dito ang mga Social Welfare Corporation o mga NPO sa loob ng siyudad na nagbibigay ng suporta upang mabawasan ang bigat na pasan ng pamilya bago mangangak o pagkatapos manganak, sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawaing bayah at iba pa.

**Para sa mga katanungan:**

- Social Welfare Corporation, Sagamihara City Social Welfare Council Fureai Service Center  
Welfare Promotion Division Tel: 042-756-5098  
Midori-ku Office Tel: 042-775-8601  
Sagamiko Regional Office Tel: 042-649-0202  
Minami-ku Office Tel: 042-765-7065
- NPO Workers' Collective Happy  
1-10-22 Nihonmatsu, Midori-ku Tel: 042-771-8061
- Workers' Collective Aiwa  
6-18-11 Sagami-Ono, Minami-ku Tel: 042-705-4485



## Short-term Child-rearing Support Project (Short-stay Project)

Sa kaso ng pagkakasakit ng magulang, panganganak at iba pa, kung saan pansamantalang nahihiapan sa pag-aaruga ng bata, maaaring gamitin ang childcare facilities, nursing home para mga sanggol at iba pa, para sa pansamantalang paglagi o pagkukkop sa bata. Dependes sa kita o income, may kaso na kung saan kailangang bayaran ang co-payment ng seguro (bahaging dapat bayaran mismo), gastos sa pagkain at iba pa.

Tinatanggap ang aplikasyon sa tanggap ng Childraising Support Center ng Ward Office na kinabibilangan ng sariling tirahan.

### Para sa mga katanungan:

Midori Childraising Support Center

Tel: 042-775-8815

Chuo Childraising Support Center

Tel: 042-769-9221

Minami Childraising Support Center

Tel: 042-701-7700



## Community Childcare

Sa paglikha ng parent-child groups sa loob ng komunidad na kinabibilangan ng mga magulang na nagpapalaki ng bata, nagkakaroon ng tsasa na mapalawak ang kaalaman at galing ukol sa pagpapalaki ng bata habang pinapalalim ang ugnayan sa pagitan ng mga magulang. Nasasakop nito ang mga sanggol hanggang sa mga kabataang papasok pa lang sa Elementary School (mga kabataang nasa Nursery School, Kindergarten, Nintei Kodomoen at iba pa, pati mga kabataang hindi pumapasok sa nabanggit na mga childcare facilities). Pakikumpirma sa website ng siyudad para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga grupong kasalukuyang gumagawa ng nabanggit na mga gawain.

Para sa mga katanungan: Nursery Division Tel: 042-769-8340 (Direkta)

## Soleil Sagami Project, "Kosodate Oshaberi Salon"

Isinasagawa ang diskusyon ng isang beses bawat buwan, kung saan sa loob ng masigasig na pakikipag-ugnayan ng mga "first-time parents" ay tinatalakay ang mga problema at stress kaugnay sa pagpapalaki ng bata sa pagitan ng pamilya, komunidad at iba pa. Ipinagkakaloo ang isang "lugar kung saan maaaring pag-usapan ang hirap, saya at galak sa pagpapalaki ng bata", kung saan sinusuportahan ang pagpapalitan ng impormasyon ukol sa pagpapalaki ng bata.

Isinasagawa sa Soleil Sagami Playland bawat ikatlong Lunes ng buwan.

Address: 6-F Aeon Hashimoto (sa loob ng City Plaza Hashimoto), 6-2-1 Hashimoto, Midori-ku  
Tel: 042-775-1775 FAX: 042-775-1776



Website

## Fureai Oyako Salon

Isang beses bawat buwan (maliban sa Agosto) sa bawat venue sa Children's Center, bukod sa mga Health Nurse at Nursery Teacher, isinasagawa ng mga social workers, mga miyembro at puno ng Children's Committee, childrearing supporters at mga kawani ng komunidad, ang pagbigay ng mga payo o pointers ukol sa pag-aalaga ng bata, mga palaro para sa magulang at anak pati pagusukat sa katawan ng mga sanggol. Nasasakop ang lahat ng mga magulang at sanggol, kaya hinihikayat ang pagsali sa nabanggit na mga aktibidad.

Ippaalam ang mga detalye sa pamamagitan ng "Koho Sagamihara" o sa website ng siyudad.

Tanggapang nangangasiwa: Children & Family Division Tel: 042-769-9811 (Direkta)



Website

## Social Worker, Children's Committee Member / Children's Committee Chief

Ang Social Worker / Children's Committee Member ay mga kawaning inatasan ng bansa o pamahalaan na nagsisilbing tulay para sa konsultasyon sa loob ng komunidad. Bilang isang residente mismo ng komunidad, maaari nitong gawin ang konsultasyon ukol sa mga problema sa pagpapalaki ng bata sa perspective o paningin ng isang mamamayan at nagagawang irekomenda ang nararapat na mga Health / Welfare counters, Childrearing Salon at iba pang mga aktibidad sa loob ng komunidad. Sa loob ng mga Social Worker / Children's Committee Member ay may Children's Committee Chief na nagsisilbing espesyalista sa pangangasiwa ng mga problema ng kabataan.



Para sa mga katanungan: Livelihood Welfare Division Tel: 042-851-3170

# Kosodate Hiroba

Ang Kosodate Hiroba (Childrearing Square) ay isang lugar para sa mga magulang at sanggol, mga nagdadalandao at ang pamilya nito, kung saan maaaring bumisita at maglaro, makipagpapalitan ng impormasyon ukol sa pagpapalaki ng bata at iba pa. Isinasagawa din ang konsultasyon ukol sa mga problema o pag-aalala sa pagpapalaki ng bata.



Website

## Kosodate Hiroba sa lokalidad

Pook	Oras	Dalas
<b>"Kosodate Hiroba Midori-no Ouchi"</b> 1-22-18 Hashimotodai, Midori-ku Tel: 042-703-5136	10:00 AM – 3:00 PM	Bawat linggo mula Lunes hanggang Biernes *Sarado tuwing piyesta opisyal
<b>"Kosodate Salon &amp; Socialization Square Kamimizo Hidamari"</b> Kamimizo Shopping Street (5-1-11 Kamimizo, Chuo-ku) Tel: 080-5935-8040	10:00 AM – 4:00 PM	Bawat linggo mula Lunes hanggang Biernes *Sarado tuwing piyesta opisyal
<b>"Kosodate Hiroba Tanto"</b> Sa loob ng Park House, Sagami-Ono Chuo Koen (4-2-2 Sagami-Ono, Minami-ku) Tel: 070-4372-1056	10:00 AM – 3:00 PM	Bawat linggo mula Lunes hanggang Biernes *Sarado tuwing piyesta opisyal

\*Bukod sa nakasulat sa itaas, maaari din na magsara kapag masama ang panahon, tuwing katapsan ng taon at umpsa ng bagong taon pati sa summer season.

Para sa mga katanungan: Children & Family Division Tel: 042-769-9811 (Direkta)

## Kosodate Hiroba ng Children's Center

Nº	Pook	Oras	Dalas
1	Oshima Children's Center	10:00 AM – 1:00 PM	Bawat linggo: Lunes, Miyerkules, Huwebes
2	Hashimoto Children's Center		Bawat linggo: Martes, Huwebes, Biernes
3	Ono-kita Children's Center		Bawat linggo: Lunes, Miyerkules, Biernes
4	Namiki Children's Center		Bawat linggo: Miyerkules, Huwebes, Biernes
5	Fujimi Children's Center		Bawat linggo: Lunes, Martes, Miyerkules, Huwebes
6	Yokodai Children's Center		Bawat linggo: Lunes, Miyerkules, Huwebes
7	Yokoyama Children's Center		Bawat linggo: Martes, Miyerkules, Huwebes
8	Onuma Children's Center		Bawat linggo: Lunes, Martes, Biernes
9	Onodai Children's Center		Bawat linggo: Martes, Huwebes, Biernes
10	Ono-minami Children's Center		Bawat linggo: Lunes, Miyerkules, Huwebes
11	Sobudai Children's Center		Bawat linggo: Martes, Miyerkules, Huwebes
12	Tsuruzono Nakawada Children's Center		Bawat linggo: Lunes, Miyerkules, Biernes
13	Koyo Children's Center	10:00 AM – tanghalin (12:00)	Bawat linggo: Lunes, Miyerkules, Biernes
14	Seishin Children's Center		Bawat linggo: Lunes, Miyerkules, Huwebes, Biernes
15	Tana Children's Center		Bawat linggo: Lunes, Martes, Biernes
16	Hoshigaoka Children's Center		Bawat linggo: Martes, Huwebes, Biernes

Nº	Pook	Oras	Dalas
17	Kashimadai Children's Center	10:00 AM – tanghali (12:00)	Bawat linggo: Lunes, Miyerkules, Biyernes
18	Kami-Tsuruma Children's Center		Bawat linggo: Martes, Miyerkules, Biyernes
19	Sagamidai Children's Center		Bawat linggo: Huwebes

\*May mga pagbabago para sa piesta opisyal at sa mahabang bakasyon ng Elementary School (Summer holiday at iba pa).

\*Maaaring magbago ang araw kung kailan dapat gawin.

\*Tingnan ang pahina 62 para sa address at numero ng telepono.

**Para sa mga katanungan:** Children' Facilities Division Tel: 042-769-9227 (Direkta)

## Kosodate Hiroba ng nursery facilities at iba pa

Sa mga nursery facilities na nabigyan ng accreditation ng siyudad, ipinagkakaloob ang konsultasyon ukol sa pag-aalaga ng bata, pamamahagi ng impormasyon kaugnay sa pagpapalaki ng bata, pagbukas sa playgrounds ng Nursery/ Kindergarten at iba pa. Pakitingnan ang listahan ng mga pasilidad, at sumangguni nang direkta sa pasilidad upang alamin kung ipapatupad ito o hindi, pati pagkumpirma sa mga detalye o nilalaman.

**Para sa mga katanungan:** Nursery Division Tel: 042-769-8340 (Direkta)

## Fureai Kosodate Salon

Ang "Fureai Kosodate Salon" ay isang lugar na madaling gamitin ng magulang at anak upang libangin ang sarili sa paglalaro, pakikipag-usap at masayang pakikipag-ugnayan. Layunin ng siyudad ang magkakaroon ng magandang samahan at pagtutulungan sa kapwa habang tinatama ang saya ng pagpapalaki ng bata sa tulong at kooperasyon ng mga boluntaryo, Social Workers, Children's Committee Member / Children's Committee Chief, Social Welfare Council ng distrito at mga residente ng komunidad kung saan masigasig na ipinapatupad ang kaugnay na mga gawain sa bawat distrito.

**Para sa mga katanungan:** Sagamihara City Social Welfare Council Tel: 042-704-6275

Nº	Pangalan	Pook	Oras	Dalas
1	Wanpaku Hiroba	Hashimoto Community Center	10:00 AM – 11:45 AM	1 beses sa isang buwan (ikaapat na Biyernes ng bawat buwan)
2	Nukumori Kosodate Salon	Fureai-no le "Nukumori"	10:00 AM – 11:45 AM	1 beses sa isang buwan (ikaapat na Martes ng bawat buwan)
3	Tanpopo	Panasonic Agefree House Sagami-ono Hashimoto	10:00 AM – 11:20 AM	1 beses sa loob ng buwan (sa ikalawang Miyerkules bawat buwan)
4	Kosodate Hiroba "Kokoniko"	Livelihood Rehabilitation Club Hashimoto 2-F	10:00 AM – 1:00 PM	1 beses sa loob ng buwan (maliban sa Agosto) Sa ika-15 bawat buwan *Nagbabago sa kasong Sabado, Linggo at piesta opisyal
5	Tulip	Oshima Children's Center	10:00 AM – 11:30 AM	8 beses sa loob ng isang taon (ikatlong Biyernes ng bawat buwan)
6	Marshmallow Club	Shiroyama General Office	10:00 AM – tanghali (12:00)	1 beses sa isang buwan (Uhang Lunes ng bawat buwan)
7	Musubi Salon	Shiroyama Community Center	11:00 AM – 2:00 PM	1 beses sa loob ng buwan (hindi regular)
8	Miikko Club	Mii Resident's Association Hall	10:00 AM – tanghali (12:00)	Tuwining Biyernes bawat linggo
9	Genkikko Hiroba	Tsukui Elderly Welfare Center	10:00 AM – 11:45 AM	1 beses sa isang buwan (bilang patakaran, sa unang Biyernes ng bawat buwan)
10	Terakoya Mii	Mii Residents' Association Hall	2:30 PM – 4:30 PM	2 beses sa isang buwan (una, ikatlong Miyerkules)

Nº	Pangalan	Pook	Oras	Dalas
11	Kosodate Salon Mu♥min	Chigira Community Center Malaking conference room sa annex	9:30 AM – 11:30 AM	2 beses sa loob ng buwan (sa ikalawa, ikatlong Huwebes bawat buwan)
12	Baby Class Tulip	Sanogawa Community Center	10:00 AM – tanghali (12:00)	2 beses sa loob ng buwan (sa una, ikatlong Martes bawat buwan)
13	Fujino Milk Club	Fujino General Office	10:00 AM – tanghali (12:00)	Miyerkules, Biyernes bawat linggo
14	Atsumare! Oyako	Oyama Community Center	10:30 AM – 3:00 PM	1 beses sa isang buwan (ikaapat ng Huwebes bawat buwan) (ikatlong Huwebes sa Hulyo, Disyembre)
15	Kosodate Salon Ohisama Land	Seishin Children's Center	10:00 AM – tanghali (12:00)	2 beses sa isang buwan (ikalawa, ikaapat na Martes bawat buwan)
16	Chokotto Omoshiro Parent-Child Salon	Yokoyama Community Center, Shimokuzawa Children's Hall	10:00 AM – 11:30 AM	8 beses sa loob ng isang taon (unang Huwebes bawat buwan)
17	Nikoniko Hiroba	Yokoyama Community Center	10:30 AM – 11:30 AM	1 beses sa loob ng buwan (una o ikalawang Miyerkules bawat buwan)
18	Kosodate Salon Karugamo	Shimokuzawa Children's Hall	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (maliban sa Agosto, Enero) (ikatlong Huwebes bawat buwan)
19	Kosodate Salon Retasukko	Chuo Community Center	10:00 AM – tanghali (12:00)	1 beses sa isang buwan (unang Miyerkules bawat buwan)
20	Fureai Muratomi Kosaro-no-jikan	Yabe Residents' Association Hall	10:30 AM – tanghali (12:00)	1 beses sa loob ng buwan (sa ikaapat na Biyernes bawat buwan)
21	Kosodate Salon Chiyoda	Chiyoda 7-chome Residents' Association Hall	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (ikatlong Miyerkules bawat buwan)
22	Kosodate Salon Hoshigaoka	Hoshigaoka Community Center	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (ikalawang Miyerkules bawat buwan)
23	Kosodate Salon Yokoyama	Yokoyama 6-chome Assembly Hall	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (ikaapat na Miyerkules bawat buwan)
24	Chibikko Salon	Yokodai Community Center	10:30 AM – tanghali (12:00)	1 beses sa loob ng buwan (hindi regular)
25	Atsumare Oyako	Residents' Association Hall (sa loob ng Ono-Kita District)	10:00 AM – 11:30 AM	6 beses sa loob ng taon
26	Omochabako	Chushin Kodomo-no Ie	10:30 AM – 11:30 AM	2 beses sa isang buwan (maliban sa Agosto)
27	Nobinobi Club	Ono-naka Community Center	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (maliban sa buwan ng Agosto) (unang Biyernes bawat buwan)
28	Happy Salon Touch Hiroba	Shinfuchi Residents' Association Shinei Hall	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (maliban sa Agosto at Marso) (huling Martes ng bawat buwan)
29	Minna no Kosodate Salon Pokkapoka	Minami-ku Community Welfare Exchange Lounge (Bono Sagami-Ono)	10:00 AM – 11:30 AM	4 beses sa isang buwan (sa ikalawa, ikaapat na Martes, Miyerkules bawat buwan)
30	Koyama Mizutama Hiroba	Koyama Town Hall	10:00 AM – tanghali (12:00)	1 beses sa isang buwan (unang Miyerkules bawat buwan)
31	Soratobu Crayon	2-F, Nanairo Kids Room	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (ikatlong Huwebes bawat buwan)
32	Waiwai Gayagaya Salon	Asamizo Community Center	10:00 AM – 11:45 AM	1 beses sa isang buwan (ikalawang Huwebes bawat buwan)
33	Yato Poppo	Yato Public Auditorium	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (maliban sa Abril, Agosto, Enero) (ikalawang Lunes bawat buwan)
34	Araiso Kosodate Salon	Araiso Community Center	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (maliban sa Agosto) (ikaapat na Biyernes bawat buwan)

Nº	Pangalan	Pook	Oras	Dalas
35	Wakuwaku Minamidai	Tsurugaoka-Danchi Assembly Hall (No.4 Bldg.)	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (maliban sa Agosto) (ikatlong Miyerkules bawat buwan *ikalawang Miyerkules sa Marso)
36	Kosodate Salon Tanpopo	Torin Community Center	10:00 AM – 11:30 AM	1 beses sa isang buwan (maliban sa Agosto) (ikaapat na Miyerkules bawat buwan *may pagbabago sa Disyembre, Marso)
37	Kosodate Salon Kaabe	Torin Community Center	1:30 PM – 3:00 PM	1 beses sa isang buwan (maliban sa Agosto) (ikatlong Sabado bawat buwan)

\*Maaaring magbago ang oras / pook na kung saan gagawin.

## Izumi Junior College

### ● Kosodate Hiroba "Happy"

Binubuksan sa publiko ang Kosodate Hiroba "Happy", sa tulong at kooperasyon ng mga mag-aaral at mga kawani ng paaralan na dalubhasa sa pag-aalaga ng bata, kung saan ipinagkakalooob ang taglay na kaalaman at pasilidad ng kolehiyo sa mga pamilyang nagpapalaki ng bata sa loob ng komunidad.

Ang "Career Design Center" na may nursery room environment, ay isang lugar na kung saan matatagpuan ang maraming laruhan at aklat ng bata na may mataas na kalidad na pinili upang itaguyod ang kaisipang "ipagkaloob sa bata ang pinakamabuting bagay" upang lubos na masiyahan sa paglalaro. Isinasagawa sa Kosodate Hiroba ang mga palarong ginagamitan ng tubig at ehersisy, creative crafts at iba pa, mga konsiyerto para sa pasko at iba pang mga aktibidad na inihanda sang-ayon sa buwanang tema. Bukod pa rito, may mga "Fun Programs" kung saan maaaring sumali sa pagbabasa ng mga picture-books, mga palaro sa kamay at iba pa. Hinikhayat ang lahat na sumali.

\*Para sa mga detalye ukol sa petsa ng pagbukas, tema at iba pa, kumpirmahin ang impormasyon sa website ng kolehiyo.

### ● Kosodate Hiroba "Smily"

Tuwing Huwebes bawat linggo, binubuksan ang Career Design Center para sa magulang at anak sa loob ng komunidad.

\*Depende sa mga gawain sa paaralan, may kaso na kung saan hindi maaaring ituloy ang pagbukas ng nabanggit na aktibidad, kaya kailangang kumpirmahin muna sa website ng kolehiyo.

### Para sa mga katanungan: sumangguni sa tanggapan ng Izumi Junior College

Address: Izumi Junior College Bldg. No. 1 (sa loob ng Career Design Center), 2-2-1 Aoba, Chuo-ku

Tel: 042-754-1133

\*Kung gagamitin ang sasakyang pagpunta, gamitin ang nakalaang parking space sa loob ng paaralan at iwasang pumarada sa Fuchinobe Park Parking Lot.

\*Maaaring magbago ang schedule ng pagbukas depende sa lagay ng COVID-19 infection, at iba pa. Pakikumpirma ang pinakabagong impormasyon ukol sa schedule ng pagbukas sa website ng kolehiyo.



Website

# Sagami Women's University, Childcare Support Center

Isinasagawa ng Sagami Women's University ang sumusunod na mga childraising / consultation projects (may bahagi na hindi libre) upang suportahan ang mga dumaranas ng problema o pag-aalala sa pagpapalaki ng bata o sa paglaki nito (child developmental problems) at mga magulang na nais din mapabuti ang sarili sa pamamagitan ng pagpapalaki ng bata.

## ● Music Therapy para sa kabataan

Nasasakop: mga may kapansanan, tulad ng Down Syndrome, Autism, at iba pa (mula sa bata hanggang youth-age)  
Nilalaman: isinasagawa ang music therapy para mapanatag ng emosyon at pabutihin ang mga functions ng katawan sa pamamagitan ng mga musical instruments at awit

## ● Music therapy para sa mga taong nasa edad (parenting support ↳ music therapy)

Nasasakop: mga nagpapalaki ng bata  
Nilalaman: music therapy sa pakikinig sa musika upang ilagay sa ayos ang isipan at katawan

## ● Development gymnastics para sa bata

Nasasakop: mga batang nasa ikaanim na buwan hanggang apat na taong-gulang \*Rekomendado lalung-lalo na sa mga kabataang pinaghahinalaang may problema sa paglaki.

## ● Mga aktibidad sa Play Center (Parents' Empowerment Support)

Nasasakop: mga nagpapalaki ng bata o kahit sinumang nagnanais na makihalubilo o makibahagi sa bata  
Itinatugoyod ang mga aktibidad sa "Mutual Parenting Support" sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga magulang na nagpapalaki ng bata, mga mag-aaral at lokal na residente.

## ● Assertive (self-expression) training

Nasasakop: mga kababaihang nagpapalaki ng bata, na nais pag-aralan ang mga bagay kaugnay sa komunikasyon  
Nilalaman: makibahagi sa isang masayang diskusyon at matutunan kung paano ipahayag nang tapat ang sariling damdamin, at humanap ng paraan para mas mapabuti ang relasyon sa kapwa

## ● Childraising Support Center Consultation Room

Nasasakop: mga kabataang may problema sa paglaki, magulang, at mga taong nangangailangan ng psychological consultation.  
Nilalaman: certified psychologist, psychological / developmental consultation na isinasagawa ng isang clinical psychotherapist, clinical developmental psychologist, at social welfare worker

**Para sa mga katanungan:** Sagami Women's University Childcare Support Center

E-mail: kosodateshien@mail2.sagami-wu.ac.jp FAX042-813-5082



Website

\* Para alamin ang mga detalye ukol sa panahon ng pagbukas, tingnan ang website ng kolehiyo o sumangguni sa pamamagitan ng email o FAX.

## Pagpapakilala sa mga gawain ng childraising support activity groups at iba pa

Sa loob ng mga organisasyon at indibidwal na nagsasagawa ng childraising support activities sa loob ng siyudad, ipinapakilala sa website ng siyudad ang mga grupo at indibidwal na nakarehistro sa "Sagamihara Childraising Supporter Network". Maaaring makatulong ang impormasyong ito kung nais sumali sa mga pagdiriwang, childcare salon, at iba pa. Pakikumpirma sa bawat organisasyon para sa karagdagang detalye.



Website

## Childrearing Support Shop

May mga tindahan at kalakal na may simpatiya sa kalagayan ng mga nagdadalantao o sambahayang nagpapalaki ng bata, na kabilang sa mga nakarehistro bilang partisipante sa isinasagawang suporta, kung saan ang mga aktibidad o gawain ay inilalagay sa website (Hanatan Net) ng siyudad. Hinihikayat ang lahat na gamitin at pakinabangan ito sa oras na lumabas ng bayan.

Halimbawa ng mga gawain: paglaan ng lugar para sa pagpapasuso, kids' space, lugar para sa pagpalit ng diapers at mainit na tubig para sa pagtimpla ng powdered milk, pagpapahiram ng baby stroller, pagpapagamit ng kubeta, pagbigay ng diskwento at iba pang serbisyo.

Website: <http://hanatan-net.city.sagamihara.kanagawa.jp>

Tanggapang nangangasiwa: Children & Family Division Tel: 042-769-9811 (Direkta)



Website

## Book Start / Second Book Project

### ● Ehon de Happy (Book Start Project)

Upang bigyang-daan ang isang masayang parent-child interaction at mapabuti ang relasyon ng magulang at anak sa pamamagitan ng picture books, isinasagawa ang picture book reading sessions at pagbigay nito bilang regalo sa araw ng ikaapat na buwang health checkup ng bata. Hindi na kailangang gumawa ng aplikasyon, bumisita lamang pagkatapos ng health checkup.

### ● Second Book Project

Isinasagawa ang pagbigay ng picture books bilang regalo sa batang sasapit sa edad na 2 taon at 6 buwan, sa hangad na ugaliin nito ang pagbabasa ng libro, magdulot ng kabutihan sa puso't damdamin ng bata sa paglaki at maging daan para mas mapalalim ang pagtitiwala sa pagitan ng bata at magulang. Bumisita sa aklatan, public hall library room at dalhin ang picture book claim ticket (nakapaloob sa notis ng dental health checkup para sa batang nasa edad na 2 taon at 6 buwan)

Tanggapang nangangasiwa: Children & Family Division Tel: 042-769-9811 (Direkta)

# 6

# Konsultasyon

## Pangkalahatang konsultasyon ukol sa bata at pamilya nito

Tinatanggap ang iba't-ibang konsultasyon sa bawat komunidad, kung saan sa pook na tinitirahan ay maaaring ikunsulta ang mga bagay ukol sa pagpapalaki at pagdisiplina ng bata, sa pamamagitan ng telefono o pagpunta mismo sa consultation counter. Bukod pa rito, depende sa nilalaman ng konsultasyon ay maaaring irekomenda ang mga lugar na dalubhasa sa kasong nais ikunsulta.

Kung nais pumunta mismo sa consultation counter, hangga't maaari ay kailangang tumawag muna.

- **Oras ng konsultasyon:** Lunes hanggang Biyernes, 8:30 AM hanggang 5:00 PM

\*Maliban sa piesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon

### Para sa mga katanungan:

Midori Childraising Support Center	Tel: 042-775-8815
Chuo Childraising Support Center	Tel: 042-769-9221
Minami Childraising Support Center	Tel: 042-701-7700

## Konsultasyon para sa mga kabataan

Tinatanggap ang konsultasyon ukol sa pag-aalaga, pagpapalaki ng bata, kapansanan, pagsuway at iba pa, sa pamamagitan ng telefono o pagpunta sa consultation counter.

Kung nais pumunta mismo sa consultation counter, hangga't maaari ay kailangang tumawag muna.

- **Oras ng konsultasyon:** Lunes hanggang Biyernes, 8:30 AM hanggang 5:00 PM

\*Maliban sa piesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon

### Para sa mga katanungan:

Child Consultation Center, 2-7-2 Fuchinobe, Chuo-ku Tel: 042-730-3500

## Konsultasyon ukol sa paglaki ng bata / kapansanan

Tinatanggap ang konsultasyon ukol sa mga problema sa paglaki o mga kapansanan ng bata, tulad ng kahinaan sa paggalaw, pananalita, pagkabalisa at iba pa.

Kung nais bumisita sa pasilidad, hangga't maaari ay tumawag muna bago pumunta.

- **Oras ng konsultasyon:** Lunes hanggang Biyernes, 8:30 AM hanggang 5:00 PM

\*Maliban sa piesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon

### Para sa mga katanungan:

(Karamihan ay mga sanggol at mag-aaral sa Junior High School)
Midori Childraising Support Center, Special Care Consultation Group
Tel: 042-775-1760 (Direkta)
Chuo Childraising Support Center, Special Care Consultation Group
Tel: 042-756-8424 (Direkta)
Minami Childraising Support Center, Special Care Consultation Group
Tel: 042-701-7727 (Direkta)

(Karamihan ay mga mag-aaral sa High School at pataas)

Developmental Disabilities Support Center Tel: 042-756-8411 (Direkta)


# Palawakin natin ang tamang pag-unawa sa developmental disability!

## Ukol sa developmental disability:

- Kabilang nito ang Autism, Asperger Syndrome at iba pang Pervasive Development Disorder (PDD), Learning Disability (LD), Attention Deficit Hyperactivity Disorder (ADHD) at iba pang kapansanang karaniwang lumalabas sa mababang edad.
- Sa unang tingin ay mahirap maintindihan, kung kaya napagkakamalang "hindi dinidisiplina ng magulang" o di kaya'y "kulang sa pagsisikap" ang bata. Bagama't hindi pa malinaw ang dahilan o sanhi ng kapansanan, sinasabing may kinalaman ito sa pagkapinsala ng galaw o function ng utak.
- Bagama't magkaiba ang katangian ng kapansanan ng bawat isa, mapapansin ang kahinaan sa pananalita at pag-intindi o pagbasa sa damdamin ng iba, hindi pagtinag, kahinaan sa pagsusulat ng letra at iba pa. Sa kabilang panig, mapapansin din ang iba pang mga katangian, tulad ng pagsunod nang husto sa mga patakaran at panuntunan na sinasang-ayunan, pagtanda nang husto sa mga bagay na kinagigiliwan o kung saan may interes, at iba pang katangian, na nagpapakita sa mga katiwalian o irregularities sa paglaki.

## Kung nag-aalala na may problema sa paglaki ang anak:

- Ang pinakamabisang hakbang upang harapin ang mga problema sa paglaki ng bata ay ang pagtanggap ng nararapat na suporta sa lalong madaling panahon, kung kaya sa oras na maramdamang, "Mahirap palakiin ang batang ito", "Ang laki ng diperensiya sa mga bagay na kayang gawin at hindi kayang gawin", "Nag-aalala ako dahil hindi mapakali ang bata", "Hindi magawang makipaglaro ng husto sa mga kaibigan" at iba pang mga suliranin, huwag mag-atubiling kulumunsata sa tanggapan ng Childraising Support Center, Developmental Disabilities Support Center at iba pang kalapit na institusyon.
- Sa pagbigay ng suportang nababagay sa katangian at antas o lagay ng developmental disability ng bata, nararamdamang nitong "kayang gawin" ang isang bagay, na nakakatulong sa pagpapalakas sa loob nito. Bukod pa rito, ang mga payong natatanggap ng pamilya ay nakakatulong din sa matiwasya na pagpapalaki ng bata.



Pinagkunahan ng impormasyon: Developmental Disorder Information / Support Center

Upang turuan at imulat ang mga magulang, isinasagawa sa Yokoen, Developmental Disorder Support Center ang mga lectures at iba pa, na natatuon sa mga magulang. Pakitingnan ang website ng siyudad para sa karagdagang detalye.



Website

## Kanagawa Children's Home 110 Consultation LINE

Sa paggamit ng communication app na "LINE", tinatanggap ang libreng konsultasyon ukol sa mga kabataan, tulad ng mga pag-aalala kaugnay sa pagpapalaki ng bata, relasyon sa pagitan ng magulang at anak, mga pag-aalala sa loob ng pamilya, at iba pa.

- **Araw ng konsultasyon:** Lunes hanggang Sabado (maliban sa katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
- **Oras:** 9:00 AM hanggang 9:00 PM
- **Nasasakop:** mga kabataang wala pang 18 taong-gulang, na nakatira sa loob ng Kanagawa Prefecture, mga magulang, at iba pa.
- **Paraan:** mula sa search function ng official LINE account, pakilagay ang "Add Friend" sa "Kanagawa Children's Home 110 Consultation".

**Division in-charge:** Children and Family Division Tel: 042-769-9811



▲ Add Friend

## Konsultasyon ukol sa pag-aalaga ng bata sa nursery facility at iba pa

Sa oras ng pagbukas ng bawat nursery facility at iba pa, isinasagawa ang pangkalahatang konsultasyon ng mga sanggol na kinabibilangan ng punong-guro ng pasilidad, Nursery Teacher-in-charge at iba pa. Huwag mag-atubiling sumangguni kung may mga katanungan.

**Para sa mga katanungan:**

Sa bawat nursery facility at iba pa o sa Nursery Division Tel: 042-769-8313 (Direkta)

## Juvenile Educational Consultation

Tinatanggap ang pangkalahatang konsultasyon para sa mga kabataang nasa 19 taong-gulang at pababa (nakatira, nagtrabaho, nag-aaral sa loob ng siyudad) kaugnay sa mga problema ng bata (hindi pagpasok sa klase, pag-aalinlangan sa pagpasok sa klase, problema sa ugali at kilos, relasyon sa pagitan ng mga kakklae at sa sariling pamilya, pang-aapi (bullying), mga pag-aalala ukol sa pagpapalaki ng bata at iba pa). Isinasagawa ang konsultasyon sa pamamagitan ng telefono o pagpunta sa tanggapan (kailangan ng reserbasyon).

- **Araw ng konsultasyon:** Lunes hanggang Biyernes 9:00 AM hanggang 5:00 PM  
\*Maliban sa katapusan ng taon, umpisa ng bagong taon at piesta opisyal

**Para sa mga katanungan:**

Youth Consultation Center Chuo Consultation Room	Tel: 042-752-1658
Youth Consultation Center, Minami Consultation Office	Tel: 042-749-2177
Youth Consultation Center, Shiroyama Consultation Office	Tel: 042-783-6188
Youth Consultation Center, Sagamiko Consultation Office	Tel: 042-682-7020

## "Young Telephone Consultation"

Tinatanggap ang konsultasyon sa pamamagitan ng telefono o mail mula sa mga kabataang nasa 19 taong-gulang at pababa ukol sa dinaranas na mga problema at mga pag-aalala. Bukod pa rito, tinatanggap din ang konsultasyon mula sa magulang.

- **Konsultasyon sa telefono:** Lunes hanggang Biyernes 3:30 PM hanggang 9:00 PM  
Sabado: 1:00 PM hanggang 5:00 PM  
Tel: 042-755-2552 \*Maliban sa katapusan ng taon, umpisa ng bagong taon at piesta opisyal
- **Konsultasyon sa E-mail:** tinatanggap ng 24 oras (inaabot ng ilang araw ang pagsagot)  
E-mail Address: [yantele@city.sagamihara.kanagawa.jp](mailto:yantele@city.sagamihara.kanagawa.jp)

## Konsultasyon sa pagpasok sa paaralan

Tinatanggap ang konsultasyon ukol sa pag-aaral at edukasyon ng mga kabataan / mag-aaral sa kasalukuyan at mga kabataang papasok sa susunod na taon na nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon sanhi ng kapansanan at iba pa.

- **Araw ng konsultasyon:** Lunes hanggang Biyernes 9:00 AM – 5:00 PM

\*Maliban sa katapanan ng taon, umpsa ng bagong taon at piesta opisyal

Para sa mga katanungan: Education Support Group, Youth Consultation Center

Tel: 042-704-8917

## Sagamihara Children's Rights Consultation Office (Sagamimi)

Tinatanggap ang iba't-ibang konsultasyon kaugnay sa mga paglabag sa karapatan ng bata at iba pa, sa pamamagitan ng telepono o pagpunta sa consultation counter.

- **Pook:** sa loob ng Youth Learning Center (3-15 Yabe-Shincho, Chuo-ku)

- **Araw/oras ng konsultasyon:** mula Lunes hanggang Biyernes 1:00 PM hanggang 8:00 PM

Sabado: 10:00 AM hanggang 5:00 PM

\*Maliban sa piesta opisyal / holidays, katapanan ng taon, umpsa ng bagong taon at sa itinakdang araw ng pagsara ng Youth Learning Center

- **Konsultasyon sa telefono**

Para sa kabataan Tel: 0120-786-108

Para sa mga nasa edad (adults) Tel: 042-786-1894

## Konsultasyon para sa mga pamilyang nagbibigay ng nursing care (Elderly Support Center)

Tinatanggap ang iba't-ibang konsultasyon mula sa mga pamilyang nagbibigay ng nursing care sa pamamagitan ng telepono, pagbisita, at iba pa. Para sa konsultasyon, sumangguni sa Elderly Support Center sa distritong kinasasakupan ng sariling tirahan.



Website

## Konsultasyon para sa mga kababaihan

■ **Tinatanggap ang konsultasyon ukol sa problema ng mag-asawa, pamilya at iba pa, pati ang iba't-ibang suliranin o pag-aalala na dinaranas ng mga kababaihan.**

■ **Araw ng konsultasyon:** Lunes hanggang Biyernes 9:00 AM hanggang 5:00 PM

\*Maliban sa katapusan ng taon, umpsisa ng bagong taon at piesta opisya

■ **Pook:** Midori Childraising Support Center Tel: 042-775-8815 (Direkta)

Chuo Childraising Support Center Tel: 042-769-9221 (Direkta)

Minami Childraising Support Center Tel: 042-701-7700 (Direkta)

\*Tinatanggap din ang konsultasyon sa Tsukui Health Center (613-2 Nakano, Midori-ku)(Martes lamang). Kung nais kumunsulta, tumawag sa tanggapan ng Midori Childraising Support Center.

■ **Isinasagawa din parehong konsultasyon sa Soleil Sagami Women's Consultation Office.**

■ **Araw/oras ng konsultasyon:**

Karaniwang konsultasyon: araw-araw, mula 10:00 AM hanggang 5:00 PM (hanggang 6:00 PM sa araw ng Martes at Huwebes) (maliban sa ikaapat na Lunes bawat buwan)

Specialized Consultation:

• konsultasyon ukol sa batas para sa mga kababaihan (kailangang magpareserba: hanggang 30 min. bawat tao)

• Konsultasyon para sa puso't damdamin ng kababaihan (kailangang magpareserba: hanggang 40 min. bawat tao)

\*Pagkatapos gawin ang karaniwang konsultasyon, ang mga nangangailangan ng "Specialized Consultation" lamang ang maaaring magpareserba.

\*Hindi kasali ang katapusan ng taon at umpsisa ng bagong taon sa alinman sa mga konsultasyong nabanggit.

■ **Pook:** Soleil Sagami Women's Consultation Office Tel: 042-775-1777

**Tanggapang nangangasiwa:** Human Rights / Gender Equality Division Tel: 042-769-8205 (Direkta)

## Sagamihara Spousal Violence Counseling & Support Center

Isinasagawa ang konsultasyon sa pamamagitan ng special telephone hotline para sa mga dumaranas ng karahasan mula sa sariling asawa, kasintahan at iba pang kalapit na tao.

Hindi lamang panununtok at paninipa ang nabibilang sa karahasan kundi pati ang pagbulyaw, panghihiya sa harapan ng ibang tao, paglimita sa pakikipag-ugnayan sa pamilya o sa mga kaibigan, hindi pagsuporta sa birth control o contraception at iba pang uri ng karahasan.

■ **Consultation Hotline:** Tel: 042-772-5990

■ **Araw/oras ng konsultasyon:** araw-araw, mula sa 10:00 AM hanggang 5:00 PM (hanggang 6:00 PM tuwing Martes at Huwebes)

(maliban sa ikaapat na Lunes ng bawat buwan at katapusan ng taon / umpsisa ng bagong taon)

Para sa emerhensiya, tumawag sa numero 110.

**Tanggapang nangangasiwa:** Human Rights / Gender Equality Division Tel: 042-769-8205 (Direkta)

## Kasama si Papa

Upang suportahan ang pakikibahagi ng ama sa pagpapalaki ng bata, ipinamamahagi kasabay ng Maternal and Child Health Handbook ang isang handbook na naglalaman ng mga bagay ukol sa pag-aalaga ng sanggol, suporta para sa ina hanggang manganak, mga pamamaraan na dapat gawin pagkatapos manganak, at iba pang impormasyon.

**Para sa mga katanungan:** Human Rights / Gender Equality Division Tel: 042-769-8205 (Direkta)

## Pinto patungo sa habambahay na pag-aaral

Maaaring hanapin sa website ng siyudad ang iba't-ibang impormasyon kaugnay sa lifelong learning tulad ng mga "klase/pagdiriwang", "human resources/tagapagsanay (coach)", "organisasyon/sirkulo (social groups)" at iba.

Website: <http://www.sagamihara-kng.ed.jp/syougaikensaku/view.htm>

**Para sa mga katanungan:** Lifelong Learning Center Tel: 042-756-1223 (Direkta)



Website

## Single-parent Family Welfare Guide

Para sa mga serbisyo o benepisyong maaaring tanggapin ng mga single-parent families, tulad ng Childrearing Allowance, Medical Expense Support Project para sa single-parent family at iba pa, inilathala ang "Welfare Handbook" na maaaring tanggapin sa bawat tanggapan ng Childraising Support Center, Health and Welfare Division, Ward Residents Division, Community Building Center (Paalala 1), mga sangay o Field Office.

**Para sa mga katanungan:** Childraising Benefits Division Tel: 042-769-8232 (Direkta)

## Youth Learning Center

Ang "Youth Learning Center" ay isang pasilidad na itinatag ng siyudad para sa pakikipag-ugnayan at aktibidad ng mga kabataang nasa "adolescence" upang itaguyod ang malusog at matiwasa na paglaki ng mga ito. Isinasagwa sa lugar na ito ang iba't-ibang youth-oriented projects.

**Para sa mga katanungan:** Youth Learning Center Tel: 042-751-0091 (Direkta)



Website

## Pagpasok sa youth group

Sa pamamagitan ng mga group activities na ginagawa sa mga samahang tulad ng Children's Association, Drum & Bugle Band, Boy Scouts, Girl Scouts, Boys/Girls Choir at iba pang mga youth groups, naipagkakaloob sa mga kabataan ang oportunidad na magkaroon ng iba't-ibang karanasan na kinakailangan sa paglaki.

Kasalukuyang naghahanap ng miyembro mula sa mga mag-aaral ng Elementary School. Hinbihikayat ang lahat na sumali.

**Para sa mga katanungan:** Youth Learning Center Tel: 042-751-0091 (Direkta)

# Tungkol sa Children's Association

Upang itaguyod ang maayos na paglaki ng mga kabataan, isinasagawa ang iba't-ibang aktibidad upang maipadama o manahin ng mga kabataang nasa iba't-ibang edad ang lokal na kultura, pagbigay-daan sa pagkakaibigan, paglalaro at iba pa, na mahirap matutunan o maranasan sa sariling pamilya o sa paaralan. Isinasagawa ng siyudad ang Nagsuporta sa gastos ng mga aktibidad, pagsagawa ng mga pagsasanay o training sessions at iba sa pamamagitan ng Nurturing Liaison Council ng Children's Association sa loob ng siyudad, upang mapasigla ang mga gawain ng Children's Association at mapalawak ang pagtanggap ng mga miyembro.

**Para sa mga katanungan:** Youth Learning Center Tel: 042-751-0091 (Direkta)

## Benefit-type Scholarship (mag-aaral ng High School)

Ipinakakaloob ang isang non-refundable scholarship sa mga mag-aaral ng High School (maliban sa special support school) na nabibilang sa sambahayan na may income-based municipal tax na nasa 0 yen.

**Para sa mga katanungan:** Sagamihara City Call Center Tel: 042-770-7777



Website

## Aklatan

### Story-Telling Club para sa mga sanggol (bata)

Bukod sa mga children's folk songs, ipinapakilala ang mga picture-books para sa mga sanggol pati ang pagbabasa ng mga children's books.

	Titulo	Petsa ng pagbukas	Komentaryo / Pamuna
Aklatan ng siyudad (Kanumadai)	Hiyoko-chan Children's Folk Song Club (para sa mga batang wala pang isang taong-gulang)	Sa unang Huwebes bawat buwan, mula 10:30 AM	Kailangang magparehistro muna
	Penguin-chan Children's Folk Song Club (para sa mga batang nasa 1 at 2 taong-gulang)	Sa ika-apat na Huwebes bawat buwan, mula 10:30 AM	Kailangang magparehistro muna
Aklatan ng Hashimoto	Tsukushi-chan Children's Folk Song Club (para sa mga batang wala pang isang taong-gulang at mga nasa 1 taong-gulang)	Sa una, ikatlong Miyerkules bawat buwan, mula 11:00 AM	Para sa unang 15 grupo (Oras ng pagtanggap: mula sa 10:40 AM)

\*Sumangguni sa tanggpan ng bawat aklatan o di kaya'y tingnan ang website ng aklatan para sa mga detalye.

### Story-telling para sa mga batang nasa 2 hanggang 3 taong-gulang

Bukod sa pagbabasa ng picture-books, isinasagawa din ang paper dramas.

	Titulo	Petsa ng pagbukas	Komentaryo / Pamuna
Aklatan ng siyudad (Kanumadai)	Usako-chan Story-Telling Club	Sa una at ikalawang Miyerkules bawat buwan (2 beses bawat isa), mula 10:30 AM hanggang 11:15 AM	Pumunta ng direktang itinakdang pook
Sobudai Annex Bldg.	Story-Telling Club sa Miyerkules	Sa una at ikatlong Miyerkules bawat buwan, mula 10:30 AM	
Aklatan ng Sagami-Ono	Otete-Tsunaide Story-Telling Club	Sa una at ikatlong Miyerkules bawat buwan (2 beses bawat isa), mula 10:30 AM hanggang 11:00 AM	
Aklatan ng Hashimoto	Tanpopo Story-Telling Club	Sa una at ikatlong Miyerkules bawat buwan, mula 10:00 AM	

\*Sumangguni sa tanggpan ng bawat aklatan o di kaya'y tingnan ang website ng aklatan para sa mga detalye.

### Pagpapakilala sa mga picture-books at aklat para sa bata

Inilalathala ang booklist (booklist para sa pamilyang hinihintay ang pagdating ng sanggol) na ginagamit sa lahat ng mga aklatan at ang booklist ng mga aklat para sa bata (children's books) bawat buwan sa bawat aklatan. May mga picture-books at story-telling books corner na itinatag, pati mga magazines na pinapahiram kung saan ang tema ay tungkol sa bata at libro.

### Maaari din na gawin ang rental coupon sa pangalan ng bata !

### **Maaaring kumpirmahan dito ang pinakabagong impormasyon ukol sa mga aklatan !!**

Sagamihara City Library (sagamihara.city.public.library)


Sagamihara City Library (@sagamiharalib)



Website


## Aklatan ng siyudad

2-13-1 Kanumadaidai, Chuo-ku  
Tel: 042-754-3604



## Sobudai City Library Annex

4-8-7 Araisono Minami-ku  
046-255-3315



## Aklatan ng Hashimoto

3-28-1 Hashimoto, Midori-ku  
Tel: 042-770-6600



## Aklatan ng Sagami-Ono

4-4-1 Sagami-Ono, Minami-ku  
Tel: 042-749-2244



Pakigamit din ang aklatan sa Community Center, Children's Center at iba pa.

### Araw / oras ng pagbukas:

Martes hanggang Biyernes, 9:30 AM hanggang 8:00 PM  
Sabado, Linggo, panahong walang pasok (holiday), 9:30 AM hanggang 6:00 PM

\*4F Children's Book Floor, Sagami-Ono Library:

Martes hanggang Linggo, panahong walang pasok (holiday), 9:30 AM hanggang 6:00 PM

\*City Library Sobudai Annex:


Martes hanggang Linggo, panahong walang pasok (holiday)  
9:00 AM hanggang 5:00 PM

### Araw na sarado:

Lunes (kapag ito ay natapat sa araw na walang pasok, sa sumunod na araw)

Araw ng pagsasaayos ng mga libro / Panahon sa pag-imbenaryo,  
katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon

Sumangguni sa tanggapan ng aklatan para sa mga detalye.



## Baguhin natin ang lifestyle rhythm ng bata!




### Ano ang epekto sa bata kapag nahuli ang oras ng pagtulog?

- Nababawasan ang oras ng pagtulog sa gabi.
- Sa araw ay natutulala o parang lumilipad ang isipan.
- Dumadalas ang hindi pagkain ng almusal at pagkain ng snacks na wala sa tamang oras.
- May panahon na hindi mapakali at nawawalan ng mental stability.
- Nahahadlangan ang paggawa ng growth hormones na kailangan sa paglaki ng bata.



### Bakit nagkakaroon ng ganitong epekto?


- Ang growth hormones na kailangan sa paglaki ng bata ay ginagawa sa katawan ng bata kasabay ng pagtulog ng mahimbing.
- Kapag kulang ang oras ng pagtulog, may growth hormones na hindi gaanong nagagawa ng katawan.



- Growth Hormone: tumutulong sa paglaki o development ng katawan.
- Melatonin: kinukontrola nito ang "secondary growth phase" hanggang sa sumapit ang pagdadalaga o pagbibinata at pinipigilang mauna ang paghubog sa sexual function lamang. Tumutulong din ito para maging matatag ang balanse o rhythm ng katawan.

## Ano ang nararapat na lifestyle rhythm?

★ Halimbawa para sa batang nasa 2 hanggang 3 taon-gulang



Ugaliing gumising ng maaga, gamitin ang katawan sa pag-ehersisyong sa tanghali at matulog pagsapit ng 9:00 ng gabi!

## Ano ang mga paraan na maaaring gawin sa bahay para ayusin ng daloy o rhythm ng pamumuhay?

- Buksan ang mga kurtina at screen doors para papasukin ang araw tuwing umaga.
- Maghugas ng mukha pagkagising.
- Ugaliing tumae sa umaga.
- Hangga't maaari ay ikilos ang katawan sa araw.
- Agahan ang pagkain ng hapunan.
- Maligo muna bago kumain ng hapunan.
- Patayin ang telebisyon pagsapit ng oras ng pagtulog.
- Patayin ang mga ilaw sa oras ng pagtulog.
- Gumawa ng routine para makatulog (halimbawa: pagbabasa ng picture books at iba pa)


Kung ano ang lifestyle rhythm ng magulang ay ganoon din ang magiging lifestyle rhythm ng anak. Sa loob ng pamilya, ugaliing "matulog ng maaga" at "kumain ng almusul"!

## Pagpigil sa pagkabulok ng ngipin

### ••• Apat na bagay na sanhi ng pagkabulok ng ngipin •••

Ang pagkabulok ng ngipin ay nangyayari kapag nagpatong ang kombinasyon ng "sugar", "cavity bacteria", "kalidad ng ngipin", at "oras".

Upang iwasang magpatong ang mga bagay na nabanggit, kailangang makontrola ito nang husto upang mapigilan ang pagkabulok ng ngipin.




#### ● Mahusay na pangangasiwa sa pagkain at miryenda

- Pagkontrola sa dami ng sugar o matamis
- Itakda ang oras at dami ng pagkain



#### ● Panatiliin ang "matibay na ngipin"

- Pagnguya nang mabuti, at paglabas ng maraming laway
- Paggamit ng fluorides
- Regular na pagpapatingin sa dentista



#### ● Pagtanggal ng cavity bacteria

- Tangalin ang plaque sa ngipin sa pamamagitan ng pagsipiyo
- Regular na pagpapatingin sa dentista



#### ● Huwag ipagpalibutan bukas ang dumi sa araw na ito

- Huwag pabayaan o iwanan ang matamis sa loob ng bibig sa mahabang panahon
- Huwag maging mabagal o burara sa pagkain



### ..... Huwag palampasin ang sigaw ng saklolo o SOS mula sa ngipin! .....

Nagsisimula ang tooth cavities sa kulay puting mantsa (parang guhit ng chalk, na medyo "maulap" ang kulay).

Gumamit ng gauze handkerchief o panyo para punasan ang ibabaw ng ngipin, patuyuin at pagkatapos ay obserbahan!

Madaling kapitan ng cavities ang pagitan ng ngipin at giligid, pagitan ng mga ngipin, at bitak ng back molar tooth.

\*Kapag napansin na nag-uumpisang magkaroon ng cavities, baguhin agad ang paraan ng pagkain pati pagsisipilyo!



### ••• Magpatingin nang regular sa dentista •••

Sinusuportahan ng inyong dentista hindi lamang ang paggamot sa ngipin, kundi pati pangangasiwa sa kalusugan ng ngipin at bibig kasabay ng paglaki ng bata. Hinihikayat na magpatingin nang regular sa dentista, tumanggap ng payo ukol sa paggamit ng fluorides at pagsisipilyo, paglilinis ng mga ngipin, at iba pa.

## Gawin ang nararapat na paghahanda upang makaraos sa tatlong araw matapos magkaroon ng kapahamakan!

Sa oras na magkaroon ng malaking lindol, natitigil ang kuryente, gas, tubig at iba pang serbisyo, at may kaso na kung saan mahihirapang kumuha o bumili ng mga pagkain at iba pang bagay. Bilang hakbang ay hinihikayat ang mga pamilyang nag-aaruga ng sanggol na ihanda ang mga bagay na kinakailangan, tulad ng diapers, gatas at iba pa. Ihanda ang katumbas ng tatlong araw na supplies ng mga bagay na gagamitin.

### Paghahanda o pagtatabi ng tubig

- Ihanda ang katumbas ng tatlong araw na supply ng tubig inumin (3 litro para sa isang tao bawat araw).

### Paghahanda o pagtatabi ng mga pagkain

- Ihanda ang katumbas ng tatlong araw na supply ng pagkain (9 meals bawat tao para sa tatlong araw).
- Ihanda ang powdered milk, liquid milk, baby food at snacks ng bata.
- Ihanda ang mga pagkaing madaling kainin tulad ng mga nasa retort packs, delata, freeze-dried foods at iba pa.



### Paghahanda o pagtatabi ng gas

- Ihanda ang gas cannister para sa portable gas stove o mga candle-type gas burners
- Ihanda din ang reserbang gas cannister para sa portable gas stove.



### Paghahanda para sa pagtigil ng kuryente

- Ihanda ang isang flashlight bawat tao.
- Ihanda ang portable radio at reserbang bateria.

### "Listahan ng mga bagay na kinakailangan sa oras ng emerhensiya para sa mga pamilyang nag-aaruga ng sanggol"

- Disposable diapers, baby wipes       Damit para sa sanggol, tuwalya       Maternal & Child Health Handbook
- Powdered milk, liquid milk       Tubig na inumin       Baby bottle o tasa (paper cups na madaling itapon)
- Measuring cup (na gagamitin sa pagsukat ng mainit na tubig)
- Boiling pot o palayok (na gagamitin sa pagpapakulo ng tubig at mga kagamitan)
- Metal thongs o sipit (na ginagamit sa pagdampot sa mga bagay na pinakuluan)
- Gas cannister, portable gas stove
- Baby food, snacks ng bata (kung may allergy, ihanda ang mga bagay na maaaring kainin ng ligtas)

## Ihanda ang katumbas ng tatlong araw na supply ng tubig inumin (3 litro para sa isang tao bawat araw).

Kailangang magtabi ng tubig na pang-emerhensiya, bilang hakbang sa oras na magkaroon ng kapahamakan tulad ng lindol at iba pa.

### Pagtantiya sa dami ng tubig na dapat ihanda:

3 litro para sa isang tao (adult) bawat araw (tatlong araw na supply ng tubig) at 1 litro sa bawat batang wala pang 1 taong-gulang (tatlong araw na supply ng tubig).

### Mga dapat tandaan sa paghahanda o pagtatabi ng tubig:

- Papili ng lalagyan ng tubig: gamitin ang plastic tank o 2-Liter Pet Bottle na hinugasang mabuti.
- Paglagay ng tubig: punuin hanggang sa bungad ng lalagyan hanggang walang matirang puwang at isara ng mabuti.
- Papili ng lugar na lalagyan: pilin ang lugar na malamig at hindi tinatamaan ng sikat ng araw o ilaw.
- Panahon ng pag-imbak: hanggang apat na araw sa summer at hanggang sampung araw sa winter season.

Subalit, sa kaso ng tubig na dinaan sa isang water filter o purifier kung saan tinanggal ang chlorine disinfectant, kailangang palitan ang tubig bawat araw.

\*Pakuluan munang mabuti ang tubig na inimbak bago ito inumin.

(Pinagkunan ng impormasyon: Gabay sa paghahanda para sa kapahamakan sa siyad ng Sagamihara, pagsasalin ng wika na isinagawa ng Japanese Association of Lactation Consultants ukol sa "nutrisyon ng sanggol sa panahon ng kapahamakan sa mga developed countries", website ng Kanagawa Prefectural Water Service)



## **Gabay sa pagpapalaki ng bata 2021 Edisyon**

Mula sa kasunduang ginawa sa pagitan ng siyudad ng Sagamihara at Sagamihara City Print Advertisement Union (Sagamihara-shi Insatsu Koukoku Kyoudo Kumiai), ang Gabay sa pagpapalaki ng bata ay inilathala sa kooperasyon at advertising support ng maraming mamamayan, upang maipagkaloob sa mga pamilyang nagpapalaki ng bata ang lahat ng impormasyong kinakailangan sa iisang lugar. Kung kaya, inaasahang gagamitin at pakikinabangan ang gabay na ito ng maraming tao, na kasangkot o aktibo sa larangan ng childcare, kabilang ang mga pamilyang nagpapalaki ng bata, upang itaguyod ang matiwasyang paglaki ng mga kabataan.

Paglalathala: Sagamihara City Printing & Advertising Cooperative  
Pangangasiwa: Sagamihara City Children / Youth Future Bureau, Children & Family Division  
Address: 2-11-15 Chuo, Chuo-ku, Sagamihara City  
Tel: 042-769-9811

Inilathala sa Abril 2021

